PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2018

LEARNING MODULE

Filipino G9 | Q3

Mga Akdang Pampanitikan Ng Kanlurang Asya

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

FILIPINO 9

Modyul 3: Mga Akdang Pampanitikan Ng Kanlurang Asya

☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Isa sa pinakamasining na pamamaraan upang makilala ang kultura ng isang bansa ay sa pamamagitan ng panitikan. Sinasabing nakapaloob sa panitikan ang kasaysayan, kultura at tradisyon ng isang bansa. Ayon sa pagpapakahulugan ng isang batikang manunulat na si Pat Villafuerte, *ang panitikan ay tulay sa pagkakaunawaan ng mga lahi sa mundo. Ito ang nagsisilbing daan upang makilala at maunawaan ang pagkakaiba-iba at pagkakapare-pareho ng mga paniniwala, gawi, kultura at tradisyon ng mundo.*

Hindi maikakaila ang ambag ng panitikan sa mga bansa sa mundo tulad sa Asya. Ang masining na kultura at kasaysayan nito ay naging sandigan ng mundo upang maunawaan ang kanlilang mga paniniwala, relihiyon, gawi at pamumuhay. Ilan sa pinakamasining na mga panitikang nailathala sa Kanlurang Asya tulad ng *Rama at Sita, Mahabharata, Isang Libo't Isang Gabi* at marami pang iba. ***Tunay nga kayang sa mga panitikang ito makikilala ang masining na kultura ng mga bansa sa Kanlurang Asya? Ano nga ba ang pinakamaganda at masining na pamamaraan upang mailarawan ang kulturang Asyano?***

Tatalakayin sa modyul na ito, tutuklasin mo ang mga sagot sa mga tanong na ibinigay sa pamamagitan ng ating pagsusuri sa iba't ibang panitikang nakilala sa Kanlurang Asya.

☑ SAKLAW NG MODYUL

Sa modyul na ito, masasagot ang mga katanungan dahil sa mga sumusunod na aralin.

Aralin 1: *Ang Pabo na Prinsipe*
(Parabula ng mga Turko)

Aralin 2: *Rama at Sita*
(Epiko mula sa India)

Aralin 3: *Elehiya sa Kamatayan ni Kuya*
(Tulang Liriko mula sa Bhutan)

Aralin 4: Ang mga Paghahangad ni Siddartha

(Maikling Kuwento mula sa India)

Aralin 5: *Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran*
(Sanaysay mula sa Israel)

Sa mga araling ito, matututuhan mo ang mga sumusunod:

Modyul: Panitikan Mula sa Kanlurang Asya				Sesyon
Aralin 1	Panitikan *Parabula* Wika	**Ang Pabo na Prinsipe** *salin ni Benjamin B. Sonajo Jr.* *(Parabula ng mga Turko)* **Matatalinhagang Pahayag**	• Nabibigyang kahulugan ang matatalinhagang pahayag sa parabula • Napatutunayang ang mga pangyayari sa binasang parabula ay maaaring maganap sa tunay na buhay sa kasalukuyan	
Aralin 2	Panitikan *Epiko* Wika	**Rama at Sita (Ramayana)** *salin ni Rene O. Villanueva* *(Epiko ng India)* **Mga Pang-ugnay sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari**	• Nailalalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamin sa epiko • Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa kontekstong pinaggagamitan • Nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano at bayani ng Kanlurang Asya	
Aralin 3	Panitikan *Tula* Wika	**Elehiya sa Kamatayan ni Kuya** *salin ni Pat Villafuerte* *(Tulang Liriko mula sa Bansang Bhutan)* **Mga Pang-uring Nagpapasidhi ng Damdamin**	• Nasusuri ang damdamin ng mga salitang ginamit sa isang akda • Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento	
Aralin 4	Panitikan *Maikling Kuwento*	**Ang mga Paghahangad ni Siddartha** *ni Herman Hesse* *(Mula sa nobelang Siddartha ng Alemanya/India na muling isinalaysay ni Luoie Jon A. Sanchez*	• Nasusuri ang mga tunggalian sa kuwento batay sa napakinggang pag-uusap ng mga tauhan	

Aralin 5	Panitikan Sanaysay Wika	**Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran** *Isinulat ni Gordon Fillman* *Isinalin ni Pat Villafuerte* *(Sanaysay mula sa Bansang Israel)* **Pamaksa at Pantulong na Pangungusap**	• Naiisa-isa ang mahahalagang element sa pagsulat ng isang sanaysay • Nagagamit ang angkop na pang-ugnay na hudyat ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari sa lilikhaing kuwento	

☑ CONCEPT MAP NG MODYUL

Narito ang isang gabay sa pagtalakay ng ating mga aralin

☑ INAASAHANG KASANAYAN:

Upang maisakatuparan ang pagkatuto sa modyul na ito, kailangan mong alalahanin at gawin ang mga sumusunod:

1. Nagagamit nang wasto sa pangungusap ang matatalinhagang pahayag (P)
2. Nakapananaliksik tungkol sa mga pagpapahalagang kultural sa Kanlurang Asya (K)
3. Naipahahayag ang sariling damdamin kapag ang sarili ay nakita sa katauhan o katayuan ng may-akda o persona (P)
4. Nabibigyang kahulugan ang mga salitang may natatagong kahulugan (K)
5. Nagagamit ang mga angkop na pang-uri na nagpapasidhi ng damdamin (K)
6. Nasusuri ang mga tunggalian sa kuwento (K)
7. Nabibigyang-kahulugan ang kilos, gawi at karakter ng mga tauhan (K)
8. Nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kultura ng Kanlurang Asya (P)
9. Nabibigyang-kahulugan ang mga salita batay sa kontekstong pinaggamitan (P)
10. Napatutunayang ang mga pangyayari at/o transpormasyong nagaganap sa tauhan ay maaaring mangyari sa tunay na buhay (P)
11. Nagagamit ang mga pang-abay na pamanahon, panlunan at pamaraan sa pagbuo ng akda (K)
12. Napatutunayan ang pagiging makatotohanan/ di makatotohanan ng akda (K)
13. Naipaliliwanag ang pagbabagong nagaganap sa salita dahil sa paglalapi (P)
14. Nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamin sa akda (K)
15. Nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano sa Kanlurang Asya (P)
16. Nasasaliksik sa iba't ibang reperensiya ang kinakailangang mga impormasyon/datos (P)
17. Naipakikita sa isang masining na pagtatanghal ang kulturang Asyano na masasalamin sa binasang mga akdang pampanitikan ng Kanlurang Asya (P)
18. Nabubuo ng plano at kaukulang iskrip tungkol sa isasagawang pagtatanghal ng kulturang Asyano (P)

PANIMULANG PAGTATAYA

Halina't alamin natin ang iyong mga kaalaman sa mga tatalakaying aralin sa modyul na ito. Iklik lamang ang letra ng inaakala mong tamang sagot. Sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, makikita mo ang iyong iskor. Alalahanin ang mga aytem na nagkamali ka at tuklasin ang tamang sagot habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

1. Saan kabilang ang kuwento ni Sinbad ay mula sa _____.
   A. Mahabharata
   B. Isang Libo't Isang Gabi
   C. Divina Comedia
   D. El Cid De Compeador

2. Ang akdang *Rama at Sita ng India* ay isang _____.
   A. Tula
   B. Elehiya
   C. Maikling Kuwento
   D. Epiko

3. Uri ng tunggaliang ang kapaligiran ang siyang may pinakamalakas na puwersa laban sa katangian ng tauhan.
   A. Tao laban sa Tao
   B. Tao Laban sa Sarili
   C. Tao laban sa Kalikasan
   D. Tao laban sa Pangyayari

4. ***Kibit-balikat*** niyang tinanggap ang pangaral ng kanyang mga magulang sa kanya.
   Ang salitang nakabold ay nangangahulugang _____.
   A. handa na siyang lumaban
   B. natuto na siyang magsalita
   C. hindi pakikinig
   D. pagwawalambahala

5. Isang uri ito ng tunggaliang *tao laban sa sarili.*
   A. Sa tuwing magpapasya siyang aalis at maghahanapbuhay sa ibang bansa, di niya maiwasang alalahanin ang mararamdaman ng kanyang kaisa-isang anak.
   B. Nais niyang maging isang kilalang musikero sa hinaharap ngunit palaging nakahadlang ang kanyang mga magulang.
   C. Punong-puno ng kaba ang kanyang dibdib, hindi niya malaman kung paano sasabihin ang kanyang pagmamahal sa pinakamatalik niyang kaibigan. *
   D. Iniiwasan na niyang magbisyo subalit patuloy siyang hinihikayat ng kanyang barkadang balikan ito.

6. Pagsunod-sunorin:

1. kaya't mahirap man sila'y dapat ding intindihin 2. dahil ito ay bahagi na ng ating buhay 3. tradisyong kinagisna'y mahirap kalimutan 4. pinagkaitan ng kalinga sa kawalan ng yaman

A. 2134 B. 4123 C. 4231 D. 4321*

Ikilik ang kahong katapat na maaaring maging bunga ng sanhing nakasulat.

7. Nag-alok ng tulong si Bantong, isang batang-batang mandirigma sa kaibigang si Handiong upang upang kalabanin ang halimaw na namiminsala sa kaharian ng Ibalon.
   A. Hindi papaya si Handiong sa tulong ni Bantog dahil baka maaagaw nito ang kanyang posisyon bilang hari.
   B. Ipakikita ni handiong na kaya niyang kalabaning mag-isa ang halimaw.
   C. Madaragdagan ang magiting na pinuno ng Ibalon.
   D. Magiging payapa at maayos ang pamumuhay ng lahat.

8. *Hinubad ng ermitanyo ang kanyang damit at umupong walang saplot sa tabi ng lamesang kinaroroonan ng prinsipe. Nagkunwaring tinutuka ang pagkain sa sahig at kumikilos na parang isa ring manok.* Ginawa ito ng ermitanyo upang
   A. Ipakita ang kanyang husay sa panggagaya ng mga hayop sa bukid.
   B. Makuha ang atensyon ng mahal na hari at gawin siyang kanang-kamay nito.
   C. Upang maging kaisa ng prinsipe sa kanyang suliraning kinahaharap.
   D. Di mahalata ng mga kaaway na siya ay mahusay sa larangan ng mahika.

9. *Nagwika ang ermitanyo, ang sinumang makalimot sa kanyang sarili ay muling makaaalala. Sa halip na husgahan ay dapat pang samahan sapagkat ito ang itinuturo ng batas ng kabutihan.* Ang pahayag na ito ay isang talinhaga mula sa parabulang
   A. Ang Pabo at ang Prinsipe C. Ibalon
   B. Indarapatra at Sulayman D. Biag ni Lam-ang

10. *Sa gubat tumira sina Rama, Sita at Lakshamanan nang ipatapon sila mula sa kaharian ng Ayodha.* Ang pahayag ay nagbibigay-diin sa
   A. Tauhan B. Paksa C. Tagpuan D. Banghay

11. *Hiningi ni Rama ang tulong ng hari ng mga unggoy para salakayin ang Lanka. Sa labanang naganap, maraming kawal na unggoy ang napatay ngunit mas maraming higante ang bumagsak na pugot ang ulo. Hinanap ni Rama si Ravana at silang dalawa ang naglaban.* Humingi ng tulong si Rama sa hari ng mga unggoy dahil
   A. sinalakay ng mga agila ang kanilan bayan.
   B. Dinakip ni Ravana ang kanyang asawang si Sita.
   C. Hindi niya maabot ang pinakamatataas na bahagi ng mga puno upang labanan si Ravana.
   D. Takot ang mga higanti sa maliliit na unggoy.

12. *Hindi niya inabuso ang kanyang kapangyarihan sapagkat alam niyang makasasama ito sa bayan.* Piliin ang pang-ugnay na kawsatib sa pangungusap.
    A. sapagkat B. kanyang C. hindi D. ito

13. Sa pangungusap na, *Ang mayamang dalaga ay umibig sa isang mabuti, mapagmahal at mabait subalit dukhang lalaki.* Ang dalaga ay _____.
    A. Mapagmataas C. Matalino
    B. Mapagmalasakit D. Tapat na Umiibig

14. Magiting na nilabanan ni Rama ang mapinsalang higanteng lumukob sa kanila. Kung ihahambing ang higante sa totoong-buhay sa kasalukuyan batay sa pagkakagamit sa pangungusap, ang higante ay masasabing _____.
    A. pagsubok B. takot C. tapang D. pagmamataas

15. Dahil sa kanyang kapabayaan, nakalimutan niyang patayin ang kandilang kanyang sinindihan. Ito ang naging sanhi ng malaking sunog sa kanilang lugar.
    Ang kanyang mga kapitbahay ay _____ sa kanya.
    A. nainis B. nagalit C. napoot D. naasar

Isa sa pinakamahalagang matutunan sa paraan ng pagkukuwento ay ang pagkakasunod sunod ng mga pangyayari. Upang maging mahusay ka sa larangang ito, binigyan ka ng iyong guro ng isang pagsubok. Subukan mo nga.

16. Ayusin ang mga salita upang maging isang mabisang pangungusap.
    1. *ang nawawala nilang/*
    2. mga bagong/
    3. hinahanap ng magkapatid/
    4. damit at sapatos

    A. 3412 B. 3241 C. 3214 D. 3124

Ikaw aang naatsang sumuri sa akdang *Kinagisnang Balon ni Benjamin Pascual.* Ang akda ay kailangang masuri upang maipalabas na ang mga lugar na pinangyarihan ay may malaking impluwensiya sa kilos, isip at paniniwala ng pangunahing tauhan.

17. Ang iyong bibigyang-diin upang maisakatuparan ang layunin ng iyong pagsusurii ay ang _____.
    A. Tauhan B. Banghay C. Tagpuan D. Tema

18. *Upang masuri ang pakikihamok ng pangunahing tauhan at bigyan-diin ang kanyang mga ginawa upang magtagumpay kailangang matukoy ang pinagmulan ng kanyang pakikipaglaban.* Kung ikaw ang susuri ng pinagdaanan ng pangunahing tauhan at masukat ang kanyang naging tagumpay o kabiguan kailangan mong _____.
    A. Uriin ang panimulang ginamit ng may-akda
    B. Tukuyin ang suliranin ng akda at ang paraan ng kanyang pagharap sa suliranin
    C. Alamin ang naging wakas ng akda at ihambing ito sa kanyang mga ginawang hakbang upang makita ang suliranin
    D. Mahalagang isaalang-alang ang saglit na kasiglahan ng akda sa pagbanggit ng suliranin
19. Ikaw ay isang hurado sa isang debate ng inyong paaralan. Isa sa mga batayan ay ang paglalahad ng makatotohanang pahayag. Kung ikaw ang tatanungin, alin sa mga sumusunod ang pahayag na nagtataglay ng katotohanan? Ang mga pahayag ay nakatuon sa usapin ng sistemang pang-edukasyon n gating bansa.
    A. Lumikha ng malaking pagkalito sa mga Pilipino ang pagpasok ng programang K to 12 kurikulum sa ating bansa.
    B. Ayon sa inilathala ng Philippine Daily Inquirer, upang makasulong ang bansa sa larangan ng edukasyon kailangang makipagsabayan ito sa mga karatig-bansa sa Asya.
    C. Hindi kailanman kayang tugunan ng pamahalaan ang suliranin sa edukasyon dahil sa walang habas na korapsyon ng mga pulitiko.
    D. Tunay na ang Pilipinas ay lumilikha ng pangalan sa mundo dahil sa mahuhusay na arkitekto, inhenyero, doctor, nurse at iba pang kaugnay na larangan. Iyan ay bunga ng mahusay na sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas

20. *Kinaiinisan ni Justine si Barbie dahil sa hindi malamang damdaming nararamdaman nito sa kanya.* Ang elementong binibigyang-diin sa pahayag ay _____.
    A. Tauhan B. Banghay C. Tagpuan D. Tema

Aralin 1: Parabula

Panitikan: Ang Pabo na Prinsipe (Parabula Mula sa Turko)
salin ni Benjamin B. Sonajo Jr.
Wika: Matatalinhagang Pahayag

PAGTUKLAS

Simulan natin ang aralin sa pagtuklas sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa ilang mahahalagang salitang madalas nating naririnig. Sinasabing napakahalagang mabigyang-kahulugan ang mga salita upang maging malinaw ang mensahe, tema at paksang tinatalakay ng isang akda. Malaki ang maitutulong nito upang gabayan tayo sa posibilidad na makapagtanghal ng isang malikhaing pagkukuwento na nagtataglay ng malinaw na tema, mensahe at paksa.

Sa araling ito, tutukuyin natin ang kahalagahan ng pagbibigay kahulugan sa mga matatalinhagang salita o pahayag.

GAWAIN 1. KONOTASYON, DENOTASYON

May mga salitang nangunguhulugang literal at may mga salitang binibigyang-kahulugan batay sa katangian o tono nito. Sa gawaing ito bigyan mo nga ng kahulugan ang mga salita batay sa katangian o paraan kung paano ito tinatanggap ng lipunan. Sa loob ng kahon sumulat ka ng pangungusap gamit ang pagpapakahulugan sa larawan

DENOTASYON	KONOTASYON
Kahulugan	*Kahulugan*
Pangungusap	*Pangungusap*

Sagutin ang mga prosesong tanong:

1. Naging madali ba sa iyo ang pagbibigay-kahulugan?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Ano ang naging basehan mo sa pagbibigay-kahulugan?

   _____
   _____
   _____
   _____

GAWAIN 2. Basahin Mo, Ano ang Mensahe?

May mga pahayag na hindi agad mauunawaan sapagkat ito ay ginagamitan ng mga matatalinhagang pahayag. Ang mga pahayag na ito ay hindi tahas o lantad. Bigyan mo ng kahulugan ang pahayag sa ibaba batay sa iyong pagkakaunawa. Isaalang-alang ang mga ginamit na salita.

Basahin mo ang *Talinhaga ng Tusong Katiwala*. Iklik mo lamang link upang mabasa ang akda.

www.angtalinhagangngtusongkatiwala.google.com

Sinabi ni Hesus: *Gamitin ninyo sa pagkakaibigan ang kayamanan ng sanlibutang ito. Maubos man ito'y may tatanggap naman sa inyo sa tahanang walang hanggan. Ang mapagkakatiwalaan sa maliit na bagay ay mapagkakatiwalaan din sa malaking bagay; ang magdaraya sa maliit na bagay ay magdaraya din sa malaking bagay.*

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Sagutin ang mga pamprosesong tanong:

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagbibigay kahulugan sa binasang pahayag?
   _____
   _____
   _____
   _____

2. Naging madali ba sa iyong bigyang kahulugan ang pahayag? Ipaliwanag.
   _____
   _____
   _____
   _____

3. Paano ba ang wastong pamamaraan upang makita ang tunay na mensahe ng mga pahayag na nagtataglay ng talinhaga?
   _____
   _____
   _____
   _____

4. Naipakita ba ng isang mensahe ang pinagmulan, paniniwala at kultura ng nagsabi ng pahayag? Ipaliwanag.
   _____
   _____
   _____
   _____

Batay sa gawaing iyong sinagutan, ipagpatuloy natin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong sa *Anticipation Reaction Guide* na natutungkol sa parabula sa Kanlurang Asya. Susukatin nito ang iyong kaalaman bago simulan ang pagtalakay ng mga aralin.

GAWAIN 3. Anticipation Reaction Guide

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN

	1. Ang mga parabula ay mga kuwentong hinahango sa Bibliya	
	2. Ang mga parabula sa Kanlurang Asya ay may katangiang pagtabihin ang dalawang bagay upang paghambingin	
	3. Ang mga detalye at tauhan ng isang parabula ay hindi nagbibigay ng malalim na kahulugan; ang binibigyang diin ay ang aral o mensahe ng akda	
	4. Hindi kailanman magiging magkatulad ang paniniwala ng iba't ibang relihiyon sa mundo dahil sa iba't ibang pagpapakahulugan sa mga talinhaga ng kanilang pananampalataya	
	5. Ang mga matatalinhagang pahayag ay nagbibigay sa mambabasa ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mensahe ng akda.	
	6. Ang layunin ng mga matatalinhagang pahayag ay mapaganda ang paglalarawan at pagalalahad ng dayalogo ng mga tauhan	
	7. Hinahayaan ng mga matatalinhagang pahayag sa parabula na maging mapanuri at masining ang mga mambabasa nito.	

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga dating kaalaman tungkol sa matatalinhagang pahayag at detalye na nauukol sa parabula

KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS

Nasubukan mo ng magbigay kahulugan sa mga pahayag na nagtataglay ng talinhaga. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang masining na pagtatanghal tulad ng masining na pagkukuwento.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan mo ang mga matatalinhagang pahayag na nakapaloob sa isang parabula. Ang pagbibigay kahulugan sa mga matatalinhagang pahayag gamit ang iba't ibang grapikong pantulong at mga gawain ay makatutulong sa iyo upang madaling maisagawa ang inaasahang pagganap: malikhaing pagtatanghal. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin ang parabula.

Basahin Mo:

Ano ang Parabula?

Ang salitang parabula ay hango sa wikang Griyego na ***parabole***. Ito ay isang matandang salitang nangangahulugang paghahambing ng dalawang bagay upang makita ang pagkakaiba at pagkakatulad. Gumagamit ng tayutay na pagwawangis at pagtutulad upang bigyang-diin ang kahulugan at kaisipang nais ipabatid sa mambabasa o tagapakinig.

Ito rin naglalaman ng mga salitang guhit na gumagamit ng imahe o kuwento upang mailarawan ang katotohanan at ang mga aral sa buhay.

Itinuturing na kathang-isip lamang ngunit may mahalagang mensahe na kapupulutan sa pang-araw-araw na buhay. Nagtataglay ito ng mga ***TALINHAGA.***

GAWAIN 4. PAGHAHAWAN NG BALAKID (Talasalitaan)

Bigyang-kahulugan ang mga salitang di-nauunawaan

Isulat sa kahon ang mga titik na nawawala upang maging buo ang mga salitang kasingkahulugan ng mga salitang initiman.

1. Pagkatapos magkaroon ng pagkakataon ang mga *whistleblower* na maglahad ng kanilang salaysay, **inusisa** ng korte ang katotohanan batay sa mga pahayag.

i		a			m

2. Ang **ganid** na senador ay nag-utos na dalhin ang mga biktima sa kaniyang harapan at tinanong ang dahilan ng kanyang pagkabigo sa eleksyon.

s	a			

3. **Ginigiit** ng ilang senador na hindi sila sangkot sa maanomalyang pagnanakaw sa kaban ng bayan.

Basahin at Unawain

Basahin ang akdang Ang Pabo na Prinsipe mula sa bansang Turkey.

Ang Pabo na Prinsipe
salin ni Benjamin B. Sonajo Jr.

Isang prinsipe ang hinihinalang nababaliw dahil sa paniniwalang siya ay isang pabo. Hinubad niya ang kanyang kasuotan at umupong walang saplot sa ilalim ng isang lamesa. Sinimulan niyang tukain ang inaakalang pagkain sa sahig. Ang hari at reyna ay nahintatakutan dahil ang kanilang kaisa-isang tagapagmana ng trono ay kumikilos ng hindi normal. Ipinatawag nila ang iba't ibang uri ng pantas at manggagamot sa kaharian maging sa kalapit na kaharian ng kanilang palasyo. Hinikayat nila ang mga pantas at manggagamot na subukang pagalingin ang prinsipe at ibalik sa katinuan ngunit walang nagtagumpay.

Isang araw, dumating ang isang ermitanyo sa kaharian at sinabing kaya niyang pagalingin ang prinsipe. Nagtiwala ang hari at reyna. Hinubad ng ermitanyo ang kanyang damit at umupong walang saplot sa tabi ng lamesang kinaroroonan ng prinsipe. Nagkunwaring tinutuka ang pagkain sa sahig at kumikilos na parang isa ring manok.

Di nagtagal, tinanggap siya ng prinsipe bilang isang kaibigan. Sinabi ng ermitanyo sa prinsipe na ang mga pabo ay nagsusuot din ng damit at kumakain sa hapag ng lamesa. Tinanggap ng prinsipeng nag-asal pabo ang sinabi ng ermitanyo. Unti-unting nagbalik sa normal ang prinsipe hanggang sa ito ay gumaling.

Nagwika ang ermitanyo, ***ang sinumang makalimot sa kanyang sarili ay muling makaaalala. Sa halip na husgahan ay dapat pang samahan sapagkat ito ang itinuturo ng batas ng kabutihan.***

GAWAIN 5. PAGHAMBINGIN NATIN!

Susuriin mo ang dalawang pinaghambing sa parabulang nabasa upang maging malinaw ang mensahe ng akda.

TAUHAN

Prinsipeng Pabo	Ermitanyong Pabo
Maglahad kung paano kumilos ang tauhan sa akda.	*Maglahad kung paano kumilos ang tauhan sa akda.*
Kaasalang ipinakita…	*Kaasalang ipinakita…*

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit kumilos na parang pabo ang prinsipe?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Bakit kaya inisip ng prinsipe na siya ay isang pabo?

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Masasabi bang wala sa wastong pag-iisip ang prinsipe? Pangatwiranan.

   _____
   _____

_____
_____

4. Kailan masasabing ang isang tao ay wala sa kanyang katinuan?
_____
_____
_____

5. Masasabi bang mahusay manggamot ang ermitanyo? Ipaliwanag.
_____
_____
_____

6. Anong damdamin ang namayani sa iyo nang mapagaling ng ermitanyo ang prinsipe? Ipaliwanag
_____
_____
_____

7. Anong kaisipan ang namayani sa iyo matapos basahin ang parabula?
_____
_____
_____

8. Ano-anong mga bahagi sa parabula ang kakaiba sa ating kultura?
_____
_____
_____

9. Masasabi bang ang parabula ng mga Turko ay iba o tulad ng sa atin? Pangatwiranan.
_____
_____
_____

10. Masasabi bang mabisang pamamaraan ang parabula upang maipakita ang mensahe, kultura at paniniwala ng isang bansa particular sa Asya? Pangatwiranan.
_____
_____
_____

GAWAIN 6. Ipaliwanag Mo!

Sa gawaing ito, ipaliliwanag mo ang mga pahayag batay sa mga pangyayari at nais ipakahulugan sa binasang parabula. Isulat sa katapat na kahon ang iyong mga kasagutan.

PAHAYAG	KAHULUGAN
Isang prinsipe ang hinihinalang nababaliw dahil sa paniniwalang siya ay isang pabo. Hinubad niya ang kanyang kasuotan at umupong walang saplot sa ilalim ng isang lamesa. Sinimulan niyang tukain ang inaakalang pagkain sa sahig.	_____ _____ _____ _____ _____ _____ _____
Hinubad ng ermitanyo ang kanyang damit at umupong walang saplot sa tabi ng lamesang kinaroroonan ng prinsipe. Nagkunwaring tinutuka ang pagkain sa sahig at kumikilos na parang isa ring pabo.	_____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____
Nagwika ang ermitanyo, ang sinumang makalimot sa kanyang sarili ay muling makaaalala. Sa halip na husgahan ay dapat pang samahan sapagkat ito ang itinuturo ng batas ng kabutihan.	_____ _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Paano mo binigyang kahulugan ang mga matatalinhagang pahayag/
   _____
   _____

_____
_____

2. Ano-ano ang iyong isinaalang-alang sa pagbibigay ng kahulugan?
_____
_____
_____
_____

3. Masasabi bang sinasalamin ng mga pahayag ang kultura, gawi o kaasalan ng taong pinatutungkulan sa parabula? Ipaliwanag.
_____
_____
_____
_____

4. Paano ipinakita ng parabula ang kultura ng mga bansa sa Kanlurang Asya?
_____
_____
_____
_____

5. May kaibahan ba ang paraan ng pagbibigay mensahe ng mga parabula sa Kanlurang Asya sa mga parabula natin sa Pilipinas? Pangatwiranan ang iyong sagot.
_____
_____
_____
_____

Ngayong naisagawa mo na ang mga gawain na natutungkol sa pagbibigay-kahulugan sa mga matatalinhagang pahayag, basahin mo ang susunod na bahagi upang mas lalong maging malalim ang iyong kaalaman tungkol sa mga matatalinhagang pahayag ng mga parabula.

TANDAAN MO!

MATATALINHAGANG PAHAYAG

Sa pagbabasa ng iba't ibang uri ng mga akdang pampanitikan tulad ng maikling kuwento at tula, karaniwang may mababasang matatalinhagang pahayag. Ito ay maaaring salawikain, kasabihan o kaya'y matatalinhagang pahayag. Nagbibigay ito ng panibagong lasa sa mga nababasa nating mga akda.

Hinahayaan nitong maging mapanuri at masining ang mga mambabasa. Sa pamamagitan ng mga talinhaga, mas napapaganda ang paglalarawan at paglalahad ng mga dayalogo ng mga tauhan maging ang paglalarawan ng tagpuan at banghay ng akda.

Ayon sa pormulasyon nina *Ligaya Tiamson-Rubin at Lilia F. Antonio*, ang mga sawikain o idyoma ay may ibang kahulugan sa tunay na ibig sabihin ng mga salitang ginamit – ito ay ang mga talinhagang bukambibig. Ang kahulugan nito ay naiiba, di-tuwiran o di-sadyang nauukol sa literal na kahulugan nito. Mas nagiging masining at makabuluhan ang pagpapahayag kapag ginagamitan ito ng mga sawikain o idyoma.

Hango sa Tanglaw sa Wika at Panitikan IV

TALINHAGA

- Salita o isang pahayag na ginagamit upang bigyang-diin ang isang kaisipan o damdamin.
- Sinasadya nang pagpapahayag na gumagamit ng talinghaga o di-karaniwang salita sa paraan ng pagpapahayag upang bigyang-diin ang kanyang saloobin.

Ang ilan ay mga halimbawa ng mga pasawikaing pagpapahayag. Ilalahad ang kahulugan at paraan kung paano ito ginamit sa pangungusap.

1. bukas na aklat – lantad, walang itinatago, alam ng lahat
   Bukas na aklat ang buhay ko sa aking mga kaibigan.

2. di-mahulugang karayom – sobrang daming tao
   Ipinagmamalaki ng Pilipinas ang *di-mahulugang karayom* na pagdalo ng mga tao sa pinakamapayapang rebolusyon sa mundo, ang *EDSA 1.*

3. balat-sibuyas: sensitibo, madaling masaktan
   Ikinagulat ko ang kanyang pagiging *balat-sibuyas* sapagkat bilang matalik na kaibigan natural sa amin ang magbiruan

4. nag-aagaw-buhay: naghihingal
   Hindi niya kayang tingnan ang *nag-aagaw-buhay* niyang ina dulot ng malakas na pagbangga ng kanilang sinasakyang bus.

5. bumaha ng luha: labis na pag-iyak o pagtangis
   Bumaha ng luha ng pumanaw ang pinakamabuting alkalde ng kanilang bayan.

GAWAIN 7. Magsanay Tayo!

Ibigay mo ang kahulugan ng mga salitang initiman batay sa paraan ng pagkakagamit nito sa pangungusap. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

1. Isa sa pinakamasakit ay ang pagtaksilan ka ng mga taong may ***sanga-sangang dila*** na ituring mong kaibigan.

2. ***Di-maliparang uwak*** ang aking natatanaw na lupain na pag-aari ng isang pulitikong napatunayang nagnakaw sa kaban ng bayan.

3. Tunay na matalik na magkaibigan sina Micks at Cecil, ***magkabungguang-balikat*** ang dalawa kahit saan magpunta.

4. ***Nagliliyab sa galit*** ang kanyang ama ng matuklasang hindi siya pumapasok sa paaralan.

5. Pinakamaganda si Carmela sa kanilang bayan kaya marami ang ***naniningalang-pugad*** sa kanya.

Ngayong nabigyan mo na ng kahulugan ang mga salita/pahayag, masasabing ikaw ay may malalim ng pang-unawa sa araling tinatalakay. Mas lalo nating pagyamanin ang iyong kaalaman sa bahaging ito ng aralin sa pamamagitan ng mga sumusunod na aralin. Sa bahaging ito matutukoy at maipaliliwanag mo ang mga matatalinhagang pahayag upang matukoy ang kahulugan at mensahe ng akda.

GAWAIN 8. ISULAT MONG MULI… AT TUKUYIN

Isulat ang matatalinhagang pahayag na matatagpuan sa saknong sa loob ng kahon. Isulat din sa kahon ang kahulugan ng mga napiling matatalinhagang pahayag mula sa iba't ibang panitikan.

Kung ang isalubong sa iyong pagdating
ay masayang mukha't may pakitang giliw
lalong pakaingata't kaaway na lihim
ang siyang maaaring kakabakahin

Florante at Laura

Matatalinhagang Pahayag	Kahulugan

Sintalim ng kidlat ang mata ng tanod,
sa pintong may susing walang makalapit
sigaw ng bilanggo sa katabing muog
anaki'y atungal ng hayop sa yungin

***-Isang Dipang Langit* ni Amado V. Hernandez-**

Matatalinhagang Pahayag	Kahulugan

Si Haring Pilipino at Reyna Malaya'y
iba namang sakit ang sumasakanila
taling nakagapos ay hindi makita
lubog na sa utang ay nakangingiti pa

***-Isang Dipang Langit* ni Amado V. Hernandez-**

Matatalinhagang Pahayag:

Kahulugan:

GAWAIN 9. PAGBUO NG KONSEPTO

Pagbuo ng konsepto mula sa mga natutunan sa buong aralin. Tinutukoy nito ang iyong mga nakalap na kakayahan at kaalaman na maaaring magamit sa pagbuo ng inaasahang pagganap. Mahalaga ang bahaging ito kaya't huwag mong kalilimutang sagutan.

Buuin ang Konsepto

Ang kahalagahan ng pagbibigay kahulugan sa mga matatalinhagang pahayag ay
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 10. MAGTSEKLIST TAYO!

Deskripyon: Sa puntong ito, aalamin natin ang mga kasanayang iyong natutunan sa aralin. Layunin ng tseklist na ito na makita ang kalakasan sa pagbuo ng iyong inaasahang pagganap.

Kakayahan	Aking nagawa
Pagbibigay-kahulugan sa mga matatalinhagang pahayag	
Pagsusuri sa nilalaman ng mga akdang pampanitikan	
Pagbibigay paliwanag sa mga sagot	
Pag-uugnay ng mga kaalaman sa totoong buhay	

Katapusang Bahagi ng Paglinang:
Sa bahaging ito, tinalakay natin ang kahalagahan ng pagbibigay kahulugan sa mga matatalinhagang pahayag at ang kahulugan at kalikasan ng isang parabula.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, ***masasabi mo bang kaya mo nang tatasin o bigyang kahulugan ang mga parabula o matatalinhagang pananalitang iyong nababasa? Magagamit mo ba ang mga mga mensaheng ito upang mas maging mabuting tao sa lipunan?***

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang *Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng **PAGTUKLAS**. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot. Sagutin mo ang kolum **pagkatapos ng talakayan**.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN
	1. Ang mga parabula ay mga kuwentong hinahango sa Bibliya	
	2. Ang mga parabula sa Kanlurang Asya ay may katangiang pagtabihin ang dalawang bagay upang paghambingin	
	3. Ang mga detalye at tauhan ng isang parabula ay hindi nagbibigay ng malalim na kahulugan; ang binibigyang diin ay ang aral o mensahe ng akda	
	4. Hindi kailanman magiging magkatulad ang paniniwala ng iba't ibang relihiyon sa mundo dahil sa iba't ibang pagpapakahulugan sa mga talinhaga ng kanilang pananampalataya	
	5. Ang mga matatalinhagang pahayag ay nagbibigay sa mambabasa ng iba't ibang pagpapakahulugan sa mensahe ng akda.	
	6. Ang layunin ng mga matatalinhagang pahayag ay mapaganda ang paglalarawan at pagalalahad ng dayalogo ng mga tauhan	
	7. Hinahayaan ng mga matatalinhagang pahayag sa parabula na maging mapanuri at masining ang mga mambabasa nito.	

Bakit kinakailangan mong baguhin ang mga naging sagot? Isulat ang mga dating sagot sa unang kahon. Isulat ang iyong mga bagong sagot mula dating kaalaman sa ikalawang kahon. Isulat ang iyong sagot sa PALIWANAG na kahon.

Dating Kasagutan	Bagong Kaalaman
Paliwanag:	

Paliwanag:	
Paliwanag:	

GAWAIN 11. VIDEO ANALYSIS/WEB READING

I-klik mo ang mga sumusunod na *link.* Ilista ang mga kaalamang makakalap sa panonooring *video*. Ang mga *video* ay tungkol sa iba't ibang parabulang mababasa sa Bibliya. Kumalap ng mga balitang maaaring iugnay sa parabula. Tukuyin mo ang mensahe at kung paano ito magagamit sa mga tunay na pangyayari sa buhay.

Link Bilang 1: *www.parableoftheworkers/youtube.com*

Parabula ng mga Manggagawa

Mahahalagang Pangyayari:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Kaugnay na Balita/Pangyayari:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Mensahe ng Parabula:

_____
_____
_____
_____
_____

Link Bilang 2: www.parableofthegreatfeast/youtube.com

Parabula ng Dakilang Piging

Mahahalagang Pangyayari

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Kaugnay na Balita/Pangyayari:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Mensahe ng Parabula:

_____
_____
_____
_____
_____

Link Bilang 3: *www.theparableoftheblindandtheelepahant/google.com*

Parabula ng Bulag at ng Elepante

Mahahalagang Pangyayari:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Kaugnay na Balita/Pangyayari:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

Mensahe ng Parabula:

_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 12. PUNAN MO….

Mula sa mga parabulang iyong binasa, buuin mo nga ang mga parirala sa ibaba upang maging buo ang diwa.

Sinasalamin ng mga parabula

_____

_____

_____

Makatutulong ang parabula upang

_____

_____

_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa iba't ibang mensahe at tulong na magagawa ng isang parabula. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang proyektong may kinalaman sa pagalalahad ng mga mensahe bilang paghahanda sa isang masining na pagtatanghal.

PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin ng modyul na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga paunang gawain ito.

GAWAIN 13. Mini-Task

TANDAAN

MALIKHAING PAGKUKUWENTO

Ang pagkukuwento ay isang mahalagang sining. Katunayan na kinalakhan ito ng maraming bata sa ating bansa. Maraming bata ang nakikinig sa mga kuwentong inilalahad ng kanilang mga magulang o lolo't lola. Ito ay itinuturing na libangang kinahihiligan ng marami. Subalit higit pang makaakit ng tagapakinig ang tagapagkuwento kapag ito ay isinasagawa sa malikhain o masining na pamamaraan.

Narito ang ilang patnubay upang maging malikhain ang iyong isasagawang pagkukuwento:

1. Basahin nang ilang beses ang ikukuwento. Mahalagang mabasa at maunawaang mabuti ng tagapagsalaysay ang kanyang ilalahad na kuwento. Hindi kailangang kabisado ngnit dapat pamilyar ang nagsasalaysay sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at damdamin ng mga tauhan sa akdang babasahin.

2. Magsanay nang magsanay upang lalong mapabuti ang kuwentong isasalaysay. Iparinig sa iba ang gagawing pagkukuwento upang makapagmungkahi ang sila ng mga paraang mas mahusay sa inaakala nilang paraan ng iyong paglalahad.

3. Gawing masigla, madula at malikhain ang pagsasalaysay.

4. Gawin ang ekspresyon ng mukha at boses. Ang angkop na ekspresyon ay makatutulong upang mapaniwala ang iyong mga tagapakinig.

5. Sanayin ang sarili sa angkop na lakas o tinig ng iyong boses. Ang mainam na lakas, pag-iiba-iba ng tono at wastong damdamin ay may malaking maitutulong sa iyong pagsasalaysay.

6. Ilarawan ng mabisa ang tagpuan at tauhan. Maaaring gumamit ng props o kasuotan upang mas maging masining.

7. Manaliksik tungkol sa ikukuwento. Magiging higit na kapana-panabik sa tagapakinig kapag may nalalaman ang tagapagkuwento tungkol sa ilang bagay sa likod ng kuwento.

Basahin ang kuwentong Ang Ama, Anak at ang Kalabaw

MAGKUWENTO KA!

ANG AMA, ANAK AT ANG KALABAW

Isang mapagmahal na pamilya ang nakatira sa isang bundok. Ang ama'y magsasaka samantalang mabuting maybahay ang ina. Isang lalaki ang anak ng mag-irog na naninirahan sa bundok. Pitong taon na ngayon ang kanilang anak.

Nang minsang bumaba sa bundok ang ama ay isinama niya ang kanyang anak upang makatulong kahit papaano at ng malibang na rin. Dala rin nila ang kalabaw na siyang mag-aararo sa lupang tatamnan. May kalayuan ang pinag-aanihang bukid ng ama. Kinakailangang dumaan ng apat na baryo bago marating ang bukid.

Tigib ng saya ang batang lalaki habang tinutulungan ang kanyang ama sa pagtatrabaho sa bukid. Nanghuhuli rin siya ng maliliit na langgam at ng luntiang tipaklong sa pagkakataong nag-aararo ang ama. Maligaya naman ang ama habang pinagmamasdan ang kanyang anak.

Magdidilim na at pagod na ang ama. Tumigil na rin ang kalabaw sa paggawa dahil sampung kwadro na ang binungkal nito. Kaya naisipan na ng ama na umuwi at niyaya na nga ang anak.

Habang sila'y naglalakad patungo sa bundok na kanilang tinitirhan ay napadaan sila sa isang baryo. Hapong-hapo ang ama kaya naisip ng anak na ang ama na lang ang ipasakay sa kalabaw sa halip na siya. Hawak ng bata ang lubid na nakapugal sa kalabaw na kinasasakyan ng ama. Napansin nilang nag-uusap ang ilang ale sa isang banda ng baryo. Narinig na lamang nila: *Hay naku, anong klaseng ama 'yan? Kabata-bata ng anak inaalila nang ganyan. At siya, komportableng nakasakay sa kalabaw*.

Napahiya ang ama sa kanyang narinig. Kaya bago tumawid sa sunod na baryo ay bumaba na ito at binuhat ang anak sa pasakay na kalabaw. Hapong-hapo sa paglalakad ang ama habang hawak ang lubid ng kalabaw. Ngunit nakarinig na naman sila ng mga komento mula sa mga tagabaryo. *Ano ba naman iyang batang 'yan? Nakita na ngang pagod na pagod ang ama sa pag-aararo nang buong araw sa bukid hinayaan pa ang ama na maglakad. Napakawalang utang na loob sa amang nagpagal para sa pamilya.* Kaya bago tumungo sa ikatlong baryo ay ibinaba ng ama ang anak.

Magkahawak kamay ang mag-ama habang naglalakad kasama ang kalabaw. Nang maabot ang ikatlong baryo, nanghina ang mag-ama sa narinig mula sa isang tagaroon: *Katangahan naman ang ibinigay sa mag-amang ito. Ang layo ng bukid na pinanggalingan. Pagod pa sa paggawa roon. Naglakad. Hindi man lamang*

naisip na sakyan ang kalabaw. Ano pa ang silbi nito? Tsik… tsik… Sumakay sa kalabaw ang dalawa. Sakay sila ng kalabaw hanggang maabot ang ikaapat at panghuling baryo.

Kawawa naman ang kalabaw. Maghapong nag-araro sa bukid, napapagod din 'yan. Siguro kung nakapagsasalita lamang ang kalabaw na iyan siguradong magrereklamo na 'yan. Itong mag-ama, napakalupit! Wala man lang konsiderasyon sa kalagayan ng hayop. Kahit hayop, napapagod at may pakiramdam din. Narinig na lamang nilang sabi ng isang lalaki habang lumalagok ng tuba sa tindahang nadaanan.

Nang makarating ng bahay, hindi maintindihan ng babae ang itsura ng kanyang mag-ama.

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong:

1. Anong uri ng panitikan ang iyong binasa?
2. Paano nagkakaiba at nagkakatulad ang isang kuwentong bayan at parabula?
3. Ibigay ang mga matatalinhagang pahayag na matatagpuan sa akda.
4. Ano ang mensahe ng akda?
5. Paano makapaghahatid ng pagbabago sa ating lipunan ang binasang akda?

GAWAIN 14. IPOST MO!

I-upload mo ang iyong malikhaing pagkukuwento gamit ang aplikasyong ***Present.me***. Padalhan ng kopya ang guro. Maaari mo ring i-post sa discussion board ang iyong ginawang video upang makita ng iyong mga kamag-aral at makapagbigay sila ng mga komento.

- I-video ang gagawing malikhaing pagkukuwento gamit ang aplikasyong Present.me
- I-upload sa discussion board at padalhan din ng kopya ang guro.
- Ang video ay mamarkahan gamit ang rubric na inihanda ng guro.

RUBRIC SA MALIKHAING PAGKUKUWENTO

	Katangi-tangi 4	Mahusay 3	Nalilinang 2	May Kahinaan 1
Tinig	*Lubos na mabisa at kaaya-aya ang paglakas at paghina ng boses na nababatay sa damdamin ng nagpapahayag*	*Paggamit ng salitang angkop sa tagapakinig. Mabisa ang paglakas at paghina ng boses. Angkop ang tinig sa damdaming ipinahahayag.*	*Hindi maayos ang ginamit na boses sa damdaming ipinahahayag ng akda dahil minsan ang paglakas at paghina ng boses ay hindi bagay.*	*Walang naipakitang paglakas at paghina ng boses.*
Paraan ng Pagkukuwento	*Lubhang napakahusay at natatangi ang paraan ng paglalahad ng banghay ng kuwento.*	*Mahusay na naipakilala ang tauhan, layunin, suliranin, tunggalian at tema ng kuwento. Maayos ang daloy at hindi nawawala ang kawilihan at kasabikan sa bawat pangyayari sa kuwento*	*Nakalilito ang paglalahad ng banghay ng kuwento.*	*Hindi naging malinaw ang paraan ng paglalahad ng banghay ng kuwento.*
Kaangkupan ng Kilos o Galaw	*Kakaiba ang ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*	*Angkop na ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay at pagkilos bilang pagbibigay diin sa mahahalagang pangyayari.*	*May kakulangan sa ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*	*Walang ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*
Kaangkupan ng mga Kagamitan	*Napakasining ng mga ginamit na kasuotan at props na nakatulong sa pagpapatibay ng mga eksena ng akda.*	*Angkop ang kasuotang, props na makapagpapatibay sa eksena ng paglalahad*	*Hindi angkop ang ginamit na kasuotan at props upang makatulong sa pagpapatibay ng mga eksena ng akda.*	*Walang ginamit na kasuotan at props upang makatulong sa pagpapatibay ng mga eksena ng akda.*
Reaksyon ng mga Tagapakinihg	*Malakas ang dating ng pagganap sa mga manonood. Kapansin-pansin ang paghanga nila sa paraang ng pagkukuwento.*	*Sapat lang ang dating ng pagganap sa mga manonood.*	*Mahina ang atensyon ng mga manonood na makinig sa kuwento.*	*Hindi nakinig at napahangan sa paraan ng pagkukuwento.*

Pagtatapos ng PAGLILIPAT:
Sa bahaging ito, naisagawa mo ang isang masining na paraan ng pagtatanghal. Ngayong paano mo ilalarawan ang iyong isinagawang pagganap? Paano

nakatulong ang gawain upang maunawaan mo ang iba'tibang uri ng pagtatanghal gamit ang mga akdang pampanitikang nagpapakita ng kultura at paniniwala?

Ngayon handa ka ng ipagpatuloy ang pagsagot sa modyul na ito sa pamamagitan ng susunod na aralin.

Aralin 2: Rama at Sita (Epiko mula sa India)

Panitikan: Rama at Sita: Isang kabanata sa Epikong Hindu
salin ni: Rene O. Villanueva

Wika: Mga Pang-ugnay sa Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari

PAGTUKLAS

Matapos ang naunang aralin, halina't tuklasin ang mga bagong kaalaman at konseptong matututunan sa panibagong aralin.

Maituturing na mayaman sa panitikan ang bansang India. Ang kanilang mga panitikan ay nagkaroon ng malaking impluwesiya sa pag-unawa sa kultura at paniniwala ng mga Hindu. Masasalamin sa kanilang mga panitikan ang kanilang mga pangarap, paniniwala, gawi, kultura at tradisyon.

Tulad ng ating bansa, mayaman ang panitikang India sa mga epiko na nagpapakita ng mayaman nilang kultura at tradisyon. Sa loob ng maraming taon, hindi maikakailang napanatili ng mga taga-India ang kanilang kultura na umakit at napamahal sa napakaraming dayuhang bumibisita sa bansa.

Sa bahaging ito, inaasahang mas mauunawaan mo ang masining at mayamang kultura ng bansang India sa pamamagitan ng akdang *Rama at Sita* na isinalin sa wikang Filipino ni *Rene O. Villanueva.* Sa araling ito, susubukan nating sagutin ang mga sumusunod na tanong: Paano inilarawan ang kultura at kasaysayan ng mga taga-India mula sa akdang ating babasahin? Masasabi mo bang magkatulad sa ilang mga gawi at paniniwala ang mga Pilipino at mga Hindu?

GAWAIN 1. PANOORIN AT MAGLISTA! *(List All Factors)*

Pagtatala sa tsart ng dahilan kung bakit mahalagang pag-aralan ang panitikan ng Kanlurang Asya na sumasalamin sa pag-ibig at pagiging bayani sa pamamagitan ng *LAF.*

Panoorin mo ang link na ito:

www.theheartofindia/youtube.com

LIST ALL FACTORS (LAF)

PANITIKAN SA KANLURANG ASYA SA USAPING PAG-IBIG at PAGIGING BAYANI
A.
B.
C.

THINK ALL CONSEQUENCES (TAC)

Itinuturing na sa isa sa may pinakamalaking ambag sa kasaysayan, paniniwala at kultura ng mundo ay ang panitikang naisulat sa Kanlurang Asya tulad ng mga panitikang nagmula sa India at Saudie Arabia.

MAAARING MAGANAP KUNG HINDI NAKAPAG-AMBAG NG PANITIKAN ANG MGA BANSA SA KANLURANG ASYA
A.
B.
C.
D.

GAWAIN 2. Magbasa/Word Association

Magsulat ka ng mga bagay na may kinalaman sa salitang nasa gitna. Maaaring manaliksik upang mas maging malalim ang iyong kaalaman sa nasabing mga salita.

*Saliksikin ang sanaysay na **Quit India** na isinulat ni Mahatma Gandhi. Buuin ang word association at sagutin ang mga pamprosesong tanong pagkatapos magbasa.*

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano kinilala bilang isang bayani si Mahatma Gandhi?

_____
_____
_____
_____

2. Paano ipinakita ni Gandhi sa kanyang mga kababayan na ang karahasan ay walang maidudulot na mabuti sa pagkakamit ng kanilang kalayaan?

_____
_____
_____
_____
_____

3. Anong uri ng demokkasya ang pinangarap ni Gandhi para sa kanyang mga kababayan?

_____
_____
_____
_____
_____

4. Kinilala ba si Gandhi bilang isang bayani ng kanyang mga kababayan? Patunayan.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

5. May mga pangayayari ba sa ating bansa na nahahawig sa naganap sa India na pinangunahan ni Mahatma Gandhi? Ilahad at ilarawan.

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

6. Masasabi bang may pagkakatulad ang Pilipinas at ang bansang India? Patunayan.

_____
_____
_____
_____

_____
_____

Batay sa gawaing iyong sinagutan, ipagpatuloy natin sa pamamagitan ng pagsagot ng isang *IRF: Konsepto ng Pagbabago* na natutungkol sa paghahambing at paglalarawan ng panitikan ng India at Pilipinas. Susukatin nito ang iyong kaalaman bago simulan ang pagtalakay ng mga aralin.

GAWAIN 3. Magbasa/Word Association

Sagutin ang tanong sa IRF Chart. Punan ng mga paunang impormasyon ang bahaging I (initial) ng tsart. Huwag mo nang sagutan ang bahaging R at F.

Tanong: Paano mo ihahambing at ilalarawan ang epiko ng mga taga-India at Pilipinas?	
I *(Initial)*	
R*(Revised)*	
F*(Final)*	

KATAPUSAN NG PAGTUKLAS:
Nasubukan mo ng magbigay kahulugan sa mga saitang may kinalaman sa bansang India at sa usaping pag-ibig. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi.

Ang matutunan mo sa mga susunod na bahagi ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang masining na pagtatanghal.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutunan at maunawaan ang konsepto ng pag-ibig na nailalarawan sa pamamagitan ng ibang kultura. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos ng pagbasa.

Basahin Mo:

Ano ang Epiko?

Ang salitang epiko ay mula sa salitang Griyegong ***epos*** na ang ibig sabihin ay *salawikain o awit*. Isa itong mahabang tulang pasalaysay na tumatalakay sa kabayanihan ng isang tao na angat sa kalikasan. Inaawit o kaya'y binibigkas nang patula na may tiyak na layunin. Karaniwang ang mga pangyayari ay hindi kapani-paniwala at nagtataglay ng maraming kababalaghan.

Kaligirang Pangkasaysayan ng Epiko

Nagsimula ang mga epiko sa pamamagitan ng mga ritwal na ginagawa ng ating mga ninuno. Layunin nilang ipangaral sa mga mamamayan ang kanilang tungkulin sa sambayanan. Sinasalamin ng mga pangaral sa pamamagitan ng mga epiko ang mga paniniwala, kaugalian, kultura at mithiin sa buhay ng mga tao. Pinatunayan ito ng mga eksperto sa kasaysayan na sina *Padre Colin, Joaquin Martinez de Zuniga at Antonio Pigafetta*.

Ang epiko ay isang uri ng panitikang pasalindila. Ibig sabihin ito ay nailipat o naibahagi ng ating mga ninuno sa pamamagitan ng pagkukuwento sa iba dahilan kung bakit mahirap makilala ang pinakamatandang epiko na naisulat sa ating bansa.

Hanggang sa kasalukuyan ay pinag-aaralan ang mga epiko ng iba't ibang rehiyon sa ating bansa dahil sa sumasalamin ito sa pagkakakilanlan ng kanilang lugar at nagpapakilala ito ng ating kultura at ng ating lahing pinagmulan

GAWAIN 4. PUNAN MO AT BUUIN MO!

Ngayong alam mo na ang ilang mga bagay tungkol sa epiko, subukan mong punan ng mga salitang may kinalaman sa epiko ang mga kahon. Maaari kang manaliksik kung sa tingin mo ay kinakailangan.

Ang arili kong pagpapakahulugan sa epiko ay

_____

_____

_____

Malaki ang maitutulong ng pag-aaral ng epiko sa kasalukuyang panahon

_____

_____

_____

Basahin at Unawain

Tandaan ang mga salitang hindi mo gaanong mauunawaan habang binabasa mo ang akda.

RAMA AT SITA
(Isang kabanata sa epiko ng India)
Salin ni Rene O. Villanueva

Sa gubat tumira sina Rama, Sita at Lakshamanan nang ipatapon sila mula sa kaharian ng Ayodha. Minsan, isang babae ang dumalaw sa kanila. Hindi nila alam, nagpapanggap lamang ang babae. Siya ay si Surpanaka, ang kapatid ni Ravana, na hari ng mga higante at demonyo.

" Gusto kitang maging asawa", sabi nito kay Rama.

"Hindi maari, may asawa na ako" sabi ni Rama

Narinig ni Sita ang dalawa kaya lumabas siya. Niyakap ni Rama si Sita sa harap ni Surpanaka. Nagselos nang husto si Surpanaka. Sa galit bigla siyang naging higante. Nilundag niya si Sita para patayin ngunit mabilis na nayakap ni Rama ang asawa at agad silang nakalayo mula kay Surpanaka, siya namang pagdating ni Lakshamanan.

"Sige patayin mo siya!" sabi ni Rama. Binunot ni Lakshamanan ang kanyang espada at nahagip niya ang tenga at ilong ng higante.

"Sino ang may gawa nito" sigaw ni Ravana nang makita ang ayos ng kapatid. Nagsinungaling si Surpanaka kay Ravana para makaganti kay Rama. Sinabi niyang nakakita siya ng pinakamagandang babae sa gubat at inalok niya itong maging asawa ni Ravana ngunit tumanggi ang babae. Nang pilitin daw niya, tinagpas ng isang prinsipe ang kanyang ilong at tenga.

"Tulungan mo ako, Ravana," sabi pa nito. *"Bihagin mo si Sita para maging asawa mo."* Naniwala naman si Ravana sa kuwento ng kapatid. Pumayag siyang ipaghiganti ito.

Ipinatawag ni Ravana si Maritsa. May galing si Maritsa na mabago ang sarili sa kahit anong anyo at hugis. Nang malaman ni Maritsa na sina Rama at Lakshamanan ang magkakalaban,tumanggi itong tumulong.

"Kakampi nila ang mga Diyos". Sabi ni Maritsa.

"Kailangan umisip tayo ng paraan kung paanong makukuha si Sita nang hindi masasaktan sina Rama." Nakumbinsi naman si Ravana kaya nag-isip sila ng patibong para maagaw nila si Sita.

Isang umaga habang namimitas ng bulaklak, nakakita si Sita ng isang gintong usa. Tinawag agad niya sina Rama at Lakshamanan para hulihin ang usa na puno ng mamahaling bato ang sungay.

"Baka higante rin iyan," paalala ni Lakshamanan.Dahil mahal na mahal ang asawa, kinuha ni Rama ang kanyang pana at busog. *"Huwag mong iiwan si Sita kahit ano ang mangyari"* bilin ni Rama sa kapatid.

Parang narinig ng usa ang sinabi ni Rama. Agad itong tumakbo kaya napasigaw si Sita. *" Bilis! Habulin mo ang gintong usa!"*

Matagal na naghintay ang dalawa ngunit hindi pa rin dumarating si Rama. Pinilit ni Sita si Lakshamanan na sumunod sa gubat. *"Hindi, kailangan kitang bantayan,"* sabi nito.

Ilang oras pa silang naghintay nang bigla silang nakarinig ng isang malakas na sigaw. Napaiyak si Sita sa takot ngunit ayaw pa ring umalis ni Lakshamanan kaya nagalit si Sita. *"Siguro gusto mong mamatay si Rama para ikaw ang maging hari."*sabi nito kay Lakshamanan.

Nasaktan si Lakshamanan sa bintang ni Sita. Para patunayang mahal niya ang kapatid, agad siyang sumunod sa gubat. Wala silang kamalay-malay na sa labas ay naghihintay si Ravana.

Sa gubat, napatay ni Ravana ang usa at bigla itong naging si Maritsa. Nagpanggap naman si Ravana na isang matandang paring Brahmin. Nagsuot ng kulay kahel na roba, humingi siya ng tubig kay Sita. Hindi nakapagpigil si Ravana.*"Bibigyang kita ng limang libong alipin at gagawin kitang reyna ng Lanka,"* sabi ni Ravana. Natakot si Sita at nabitiwan ang hawak na banga!

Itinulak ni Sita si Ravana. Bumalik sa anyong higante si Ravana. Hinablot ni Ravana ang mahabang buhok ni Sita at isinakay sa karwaheng hila ng mga kabayong may malalapad na pakpak. Nagsisigaw at nanlaban si Sita ngunit wala siyang magawa. Lihim na nagsisi si Sita sa ginawa niya kina Rama at Lakshamanan. Itinapon niya ang mga bulaklak sa kanyang buhok.Nagdasal siya na sana ay makita iyon ni Rama para masundan siya at mailigtas.

Mula sa isang mataas na bundok, narining ng isang agila ang sigaw ni Sita. Hinabol ng ibon ang karwahe ni Ravana. Pinagtataga ni Ravana ang agila at duguan itong bumagsak sa lupa.

Pabalik na sina Rama at Lakshamanan nang makita nila ang naghihingalong agila. *"Dinala ni Ravana ang asawa mo sa Lanka,"* sabi nito bago mamatay. Sinunog ng magkapatid ang bangkay ng agila.Pagkatapos ay naghanda sila upang sundan ang hari ng mga higante sa Lanka.

Dinala ni Ravana si Sita sa Lanka, ang kaharian ng mga higante at demonyo. *"Mahalin mo lang ako ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kayamanan."* Sabi ni Ravana. Ngunit hindi niya napasuko si Sita.

Hiningi ni Rama ang tulong ng hari ng mga unggoy para salakayin ang Lanka. Sa labanang naganap, maraming kawal na unggoy ang napatay ngunit mas maraming higante ang bumagsak na pugot ang ulo. Hinanap ni Rama si Ravana at silang dalawa ang naglaban.

Matagal na naglaban sina Rama at Ravana hanggang sa mapatay ni Rama ang hari ng mga higante. Tumakas ang iba pang mga higante nang makita nilang patay ang kanilang pinuno. Umiiyak na tumakbo si Sita sa asawa. Nagyakap sila nang mahigpit at muling nagsama nang maligaya.***

GAWAIN 5. PAGHAHAWAN NG BALAKID *(Talasalitaan)*

Isulat sa unang kahon ang mga salitang iyong tinandaan sa epiko. Ihanap ito ng kasingkahulugan at gamitin sa makabuluhang pangungusap.

Salita	Kahulugan	Halimbawang Pangungusap

GAWAIN 6. Character Profile

Susuriin mo ang mga tauhan batay sa kilos, damdamin at pananalita upang masabing sila ay malaya.

RAMA

Kilos	Pananalita	Damdamin
Maglahad kung paano kumilos ang tauhan sa akda. _____ _____ _____ _____ _____ _____	*Maglahad ng ilang pahayag ang tauhan sa akda* _____ _____ _____ _____ _____ _____	*Isulat ang ilang damdaming namayani sa tauhan batay sa mahahlagang tagpo sa akda* _____ _____ _____ _____ _____ _____
Kaasalang ipinakita…	*Kaasalang ipinakita…*	*Kaasalang ipinakita…*

Masasabi bang naging isang bayani si Rama batay sa kanyang kilos, pananalita at damdamin? Pangatwiranan ang sagot.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano ipinakita ni Rama ang kanyang tunay na pagmamahal kay Sita?
   _____
   _____
2. Masasabi bang ang pag-ibig ay lubos na makapangyarihan? Pangatwiranan.
   _____
   _____
3. Dahil ang akda ay nagmula sa India, paanong ang pag-ibig ay walang kinikilalang lahi?
   _____
   _____
4. Nailarawan ba ng akda kung paano umibig ang isang Hindu? Pangatwiranan.

_____
_____
_____

5. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong maging si Rama, gagawin mo rin ba ang kanyang mga isinakripisyo upang maipakita lamang kay Sita ang kanyang tunay na pag-ibig? Ipaliwanag ang sagot.
_____
_____

6. Paano sinasalamin ng akdang *Rama at Sita* ang kultura ng mga Hindu sa larangan ng pag-ibig.
_____
_____
_____

7. Bigyang patunay na ang pamamaraan ng mga Pilipino at Hindu sa pag-ibig ay hindi nagkakaiba.
_____
_____

8. Ano ang masasabi mo tungkol sa kultura ng mga taga-Asya pagdating sa pag-ibig? Paano ito naiiba sa iba pang kontinente? Ipaliwanag.
_____
_____
_____

GAWAIN 7. Tatasin Natin…

Tutukuyin at susuriin mo ang iba't ibang bahagi ng akda na nagpapakita ng kultura ng mga taga-India. Isulat sa mga kahon ang inaakala mong nagpakita ng kultura ng mga Hindu. Ipaliwanag mo ang bahaging ito sa katapat na kahon. Isulat mo naman sa kahon sa ilalim kung may pagkakatulad ba ang kanilang kultura sa kultura nating mga Pilipino.

BAHAGI NG AKDA	PALIWANAG

Basahin Mo…

MAHAHALAGANG ELEMENTO NG EPIKO

Ang elemento ng isang epiko ay hindi naiiba sa isang maikling kuwento. Bagamat ang epiko ay isang tulang pasalaysay, ito ay nagtataglay pa rin ng tauhan, tagpuan at banghay.

Tagpuan: Mahalagang bigyang-pansin ang tagpuan ng epiko sapagkat ito'y nakatutulong sa pagbibigay linaw sa paksa, sa banghay at maging sa mga tauhan. Dahil sa tagpuan mas nabibigyang-diin ang kilos at isip ng tauhan.

Tauhan: Isa sa mga pangunahing kaibahan ng epiko sa iba pang mga akda ay ang mga tauhan epiko. Mapapansing halos karamihan ng pangunahing tauhan sa epiko ay nagtataglay ng supernatural o di pangkaraniwang kapangyarihan. Bagamat ang ilang mga tauhan ay karaniwan lamang ngunit dahil sa kanilang pamumuno, kakaibang tungkulin sa pamayanan at ang kakayanang ipagtanggol ang mga tauhan laban sa sinumang kaaway ay kabayanihan. Samakatuwid ang pangunahing tauhan sa epiko ay itinuturing na bayaning may kakayahang kalabanin ang mga hamon sa buhay para sa patuloy na pag-unlad ng komunidad na kanilang kinabibilangan.

Sa tulong ng tunggalian, higit na napapalutang ang katangian o katauhan lalo na ng mga pangunahing tauhan. Ang pangunahing tauhan ay kailangang magkaroon ng suliraning lulutasin sa kabila ng mga hadlang o sagabal. Ang tunggalian ay mauuri sa apat – ito ay ang *tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, tao laban sa lipunan* at *tao laban sa sarili.*

Banghay: Ang banghay ng epiko ay maaaring maging payak o komplikado. Ang mga pangyayari ay hindi kapani-paniwala o hindi makatotohanan bagamat may mga pangyayari ritong kakikitaan ng kultura ng isang partikular na rihiyon o lugar. Kung susuriin ang epiko ay matutunghayan sa paraang patula ngunit dahil ito'y isang uri ng salaysay mababakas pa rin sa balangkas ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari.

Halaw mula sa Pluma I
2011

GAWAIN 8. GUIDED STORY PLOT

Subukin mong buuin ang grapikong pantulong patungkol sa elemento ng akdang Rama at Sita. Punan ang bawat bahagi ng nararapat na kasagutan.

RAMA AT SITA

Tauhan: *(Ibigay ang Uri ng Tunggalian)*

Tagpuan:

Banghay: Isulat sa katapat na kahon ang bahaging tinutukoy sa epiko.

May isang pangunahing tauhang may suliranin	
Ihahanap ng pangunahing tauhan ng kalutasan ang kanyang suliranin.	
Magkakaroon ng mga sagabal ang pangunahing tauhan kaya't magkakaroon ng mga tunggaliang lilikha ng kapanabikan	
Titindi ang tunggalian hanggang sa umabot sa kasukdulan. Ito ay agad susundan ng kakalasan na naging bunga ng tunggalian.	
Susunod ang kakalasan o wakas	

Mga Karagdagang Tanong:

1. Magkatulad ba ang mga Pilipino at mga Hindu sa paraan ng kanilang pakikipaglaban sa pag-ibig?
   _____
   _____
   _____

2. Naging mabisa ba ang epiko sa paghahatid ng mensahe tungkol sa kapangyarihan ng pag-ibig?
   _____
   _____

Basahin Mo…

Kasama sa pagtalakay ng mga elemento ng isang maikling kuwento ay ang pagtalakay ng tunggalian ng kuwento. Sa bahagi ng maikling kuwento na makikita sa dayagram sa ibaba, malaki ang bahagi ng tunggalian. Sapagkat sa bahaging ito, sinusubukan nang resolbahin ng pangunahing tauhan ang kanyang suliranin. Hindi lamang isa kundi iba't ibang pamamaraan ang ipakikita ng pangunahing tauhan upang mabigyang solusyon ang kanyang suliranin. Ang mga pagtatangkang gagawin ng pangunahing tauhan ay hindi nangangahulugan ng pagtatagumpay ng pangunahing tauhan kundi maaari ring magresulta ng isang kabiguan.

TATLONG URI NG TUNGGALIAN

Ang pangunahing tauhan ay maaaring makipagtunggali sa mga sumusunod na suliranin.

1. Tao laban sa Tao: ang tunggaliang ito ang pinakapangkaraniwan sa lahat ng uri ng tunggalian. Ang tunggaliang ito ay ang pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan sa kapwa niya tao. Tunggalian ng lakas at talino.

   Halimbawa: *Magnanakaw laban sa mga Pulis, Pulitiko laban sa Taong-bayan*

2. Tao laban sa Sarili: itinuturing na ang pinakamahirap na kalaban ng isang tao ay ang kanyang sarili. Ang suliraning ito ay maaaring tumalakay sa kanyang sariling kahinaan sa pag-iisip at damdamin.

   Halimbawa: *Tao laban sa kanyang pagkabaliw, tao laban sa pagkabigo*

3. Tao laban sa Kapaligiran: ang tunggaliang ito ay madalas na hindi inaasahang kakaharapin ng pangunahing tauhan sapagkat ito ay bunga ng kalikasan. Ang suliraning ito ay hindi kontrolado ng pangunahing tauhan.

   Halimbawa: *Tao laban sa lindol, tao laban sa kalamidad*

GAWAIN 9. Makipagtunggali at Magsanay Tayo!

Tukuyin ang uri ng tunggaliang ipinahahayag. Isulat mo ang titik sa loob ng kahon.

1. Nagpapakita ito ng tunggaliang *tao laban sa kalikasan.*
   A. Inumaga na siya ng uwi dahil sa paghahanap sa kanyang nawawalang anak.
   B. Kinalimutan niya ang kanyang pangako dahil sa magulang ng kanyang kasintahan.
   C. Hindi niya inalintana ang malakas na buhos ng ulan masulyapan lamang ang kasintahang ikinakasal sa iba.
   D. Lumapit siya at ipinagtapat ang kanyang tunay na nararamdaman.

2. Isang uri ito ng tunggaliang *tao laban sa sarili.*
   A. Sa tuwing magpapasya siyang aalis at maghahanapbuhay sa ibang bansa, di niya maiwasang alalahanin ang mararamdaman ng kanyang kaisa-isang anak.
   B. Punong-puno ng kaba ang kanyang dibdib, hindi niya malaman kung paano sasabihin ang kanyang pagmamahal sa pinakamatalik niyang kaibigan.
   C. Iniiwasan na niyang magbisyo subalit patuloy siyang hinihikayat ng kanyang barkadang balikan ito.
   D. Nais niyang maging isang kilalang musikero sa hinaharap ngunit palaging nakahadlang ang kanyang mga magulang.

3. Isang uri ito ng tunggaliang *tao laban sa tao.*

A. Ginagawa niya ang lahat upang mapabuti sa trabaho subalit lagi siyang sinisiraan ng matalik na kaibigan.
B. Matagal niyang pinaghandaan ang pag-uwi sa probinsya ngunit tinangay ng baha ang kanilang tahanan.
C. Nagbalik siya sa kanilang bayan at tinanggap ang kapalarang siya ang papalit sa iniwang trabaho ng ama.
D. Naging ganap siyang abogado ngunit hindi siya makaramdam ng ligaya.

Basahin Mo…

ALAMIN NATIN…

MGA KAWSATIB NA PANG-UGNAY

Mahalaga sa paglalahad ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Dapat ay malinaw ring makikita ang lohikal na ugnayan ng sanhi at bunga upang makuha agad ng mambabasa ang mensaheng nais iparating ng may-akda. Sa pag-uugnay na ito ay ginagamit ang mga kawsatib na pang-ugnay. Sa pamamagitan ng mga kawsatib na pang-ugnay, matutukoy ng mambabasa kung alin ang sanhi at at kung alin ang bunga sa isang pahayag.

Halimbawa:

- Kawsatib na pang-ugnay na nagpapakita ng sanhi o dahilan: *sapagkat/pagkat, dahil/dahilan sa, at kasi/naging*
- Kawsatib na pang-ugnay na nagpapakita ng bunga o resulta: *kaya/kaya naman, dahil dito, bunga nito, at tuloy*

GAWAIN 10. Magsanay Tayo!

Tukuyin mo kung ang mga salitang nakabold sa pangungusap ay sanhi o bunga. Iklik lamang ang tamang sagot.

1. Naging masaya ang mga mamamayan dahil sa **pagkapanalo ng isang mapagmalasakit at mapagmahal na pinuno ng bayan.**

SANHI | BUNGA

2. Dahil sa kabutihan at pagmamahal ng isang guro sa kanyang mga mag-aaral, hindi siya nalimot ng **kanyang mga mag-aaral nang siya'y yumao na**.

SANHI BUNGA

3. Nagkaisa ang mga Pilipino sa pagtulong sa mga biktima ng kalamidad bunga nito, **madaling nakaahon mula sa masaklap na karanasan ang mga biktima.**

SANHI BUNGA

4. Nag-aral siya ng mabuti dahil **alam niyang ang edukasyon lamang ang makakapagpaahon sa kanyang pamilya.**

SANHI BUNGA

5. Naging mabuting pinuno ang pangulo ng bansa kaya **minahal at iginalang siya ng buong Pilipinas.**

SANHI BUNGA

Gawain 10: TIYAKIN NATIN…

Dugtungan mo ang mga pariralang may kawsatib na pang-ugnay upang makabuo ng makabuluhang pangungusap na kakikitaan ng lohikal na ugnayang patungkol sa pagiging mabuting tao sa lipunan.

1. Sumusunod ako sa batas upang
_____
_____
_____

2. Susuporta kami ng aking pamilya sa pamahalaan kasi
_____
_____
_____

3. Nais kong mapabuti an gaming pamilya kaya naman
_____
_____
_____

4. Nais kong maging mabuting lider dahil
_____
_____
_____

5. Magiging maayos ang takbo ng aking buhay kaya _____
_____
_____

GAWAIN 11. DUGTUNGAN AT TAPUSIN

Buuin mo ang pahayag upang maging buo ang diwa.

Mahalagang matutuhan ang mga kawsatib na pang-ugnay sapagkat
_____
_____
_____
_____
_____

Batay sa gawaing iyong sinagutan, ipagpatuloy natin ang pagpupuno sa *IRF: Konsepto ng Pagbabago.* Layunin nitong ilista ang mga bago at babaguhin mong mga kaalaman na natutungkol sa paghahambing at paglalarawan ng panitikan ng India at Pilipinas.

GAWAIN 12. IRF-Konsepto ng Pagbabago

Dahil sa tapos mo nang sagutin ang *I ng IRF Chart*. Punan mo naman ng mga bago at bababaguhing dating kaalaman sa bahaging *R (revised)* ng tsart. Huwag mo munang sagutin ang bahaging *F (final)*.

Tanong: Paano mo ihahambing at ilalarawan ang epiko ng mga taga-India at Pilipinas?	
I *(Initial)*	
R*(Revised)*	
F*(Final)*	

Katapusan ng Paglinang:
Sa bahaging ito, tinalakay natin ang sikat na epiko sa India ang Rama at Sita ang mga pang-ugnay na kawsatib. Nalinang ang ating kaalaman tungkol sa kultura ng mga Hindu sa pamamagitan ng mga akdang pampanitiikang katulad ng epiko.

Ngayon na alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka ng tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi o pagtalakay.

PAGPAPALALIM

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay masuri ang iba't ibang kaalaman na may kaugnayan sa paksang tinatalakay. Bilang isang kabataan, paano mo ikinararangal ang kahinaan at kalakasan mo bilang isang taong pangkaraniwan at walang taglay na kapangyarihan.

GAWAIN 13. Ano ang Gagawin Mo?

Ang pagiging isang mabuting tao ay hindi lamang makikita sa kanyang katapangan at katalinuhan kundi sa kanyang pagmamahal, pagpapakumbaba at pag-unawa sa kahinaan batay sa kanyang paligid. Mas magiging mainam din para sa isang taong nagmamahal kung hindi siya tumitingin sa estado, kapangyarihan o kalakasan ng isang nilalang kundi sa damdaming tumatanggap sa kahinaan ng sinuman. Ito ang isa sa pinakamagandang katangiang ipinakita ni Rama sa epikong *Rama at Sita.* Hindi siya sumukong magmahal sa kabila ng kanyang kahinaan dahil alam niyang siya ay wagas na umiibig kay Sita.

Suriin ang sumusunod na sitwasyon sa sabihin kung paano mo maipakikita ang pagiging mapagmahal sa pamamagitan ng pag-amin mo sa iyong kahinaan at kalakasan o kagandahan sa ibang tao.

Sitwasyon Bilang1:

Isa ka sa pinakapopular at pinakamahusay sa larangan ng pagsayaw sa inyong paaralan ngunit alam mong mas mahusay sa iyo ang iyong kamag-aral na si Ted. Dalawa kayong pinagpipilian ng inyong guro upang lumahok sa isang timpalak. Naisipan ng inong gurong daanin sa botohan ang pagpili. Alam mong mas magaling si Ted kaysa sa iyo ngunit mas marami kang kaibigan sa klase kaya't alam mong ikaw ang mapipili kung dadaanin sa bothan. Anong gagawin mo?

(Isulat sa kahong kung ano ang iyong gagawin sa sitwasyong nabasa.)

Sitwasyon Bilang 2:

Ikaw ang pangulo ng inyong Student Council. Naisip mo ang isang proyektong maaaring ilunsad para sa nalalapit na *foundation day* ng inyong paaralan. Hindi mo mahagilap ang iyong mga kasamahan sa *SC*. Kailangan mo ng ipasa ang inyong proposal ng araw na iyon. Ano ang iyong gagawin? Hinhintayin mo ba ang iyong mga kasamahan upang hingiin ang kanilang reaksyon at mungkahi para sa nasabing proyekto o ipapasa mo ito kahit hindi mo sila nahingian ng mungkahi dahil ikaw naman ang pangulo ng *SC.*

(Isulat sa kahon kung ano ang iyong gagawin sa sitwasyong nabasa.)

Sitwasyon Bilang 3:

Madalas na ikaw ang pinupuri sa loob ng klase kaya't hindi nakapagtataka na ikaw ang mapiling pinuno ng isang pangkat. Pinagagawa kayo ng isang proyekto para sa inyong paaralan. Ipinakita mo ang iyong plano sa iyong mga kasama ngunit nakita mong mas maganda ang planong nabuo ng isa sa iyong kapangkat, ano ang iyong gagawin?

(Isulat sa kahon kung ano ang iyong gagawin sa sitwasyong nabasa.)

GAWAIN 14. Balikan Mo!

Balikan at buuin mong muli ang mapa ng konsepto. Sa bahaging ito maaari mo nang punan ang bahaging *F (final)* ng tsart ng *IRF.*

Tanong: Paano mo ihahambing at ilalarawan ang epiko ng mga taga-India at Pilipinas?	
I *(Initial)*	
R*(Revised)*	
F*(Final)*	

Katapusan ng PAGPAPALALIM:
Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga pantulong na gawaing ito.

PAGLILIPAT

Ang iyong tunguhin sa bahaging ito ay mailipat ang iyong mga natutunan sa mga totoong sitwasyon. Bibigyan ka ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maipakita mo ang iyong malalim na pang-unawa.

HALINA'T MAG-RAP

Isa sa mga aralin sa klase ang pag-aaral ng epikong nasusulat sa paraang patula. Nahihirapan ang mga guro na maituro ito dahil sa kakulangan ng interes ng mga mag-aaral na pag-aralan ang ganitong uri ng panitikan. Ang gustong-gustong gawin ng mga mag-aaral sa ngayon ay ang umawit o mag-rap. Dahil sa napag-aralan mo na ang epikong *Rama at Sita* at ang paghahambing ng kulturang Piipino sa kulturang sinalamin ng epiko sa India. Ikaw ay inaatasang magtanghal ng isang rap na magpapakita ng kulturang ipinakita ng epikong *Rama at Sita* at ang paghahambing nito sa ating kultura.

GAWAIN 15. IPOST MO!

I-upload mo ang iyong lilikhaing pagtatanghal ng isang ***rap***. Padalhan ng kopya ang guro. Maaari mo ring i-post sa *discussion board* ang iyong ginawang video upang makita ng iyong mga kamag-aral at makapagbigay sila ng mga komento.

1. I-video ang gagawing malikhaing pagkukuwento gamit ang aplikasyong ***glogster.com***
2. I-upload sa discussion board at padalhan din ng kopya ang guro.
3. Ang video ay mamarkahan gamit ang rubric na inihanda ng guro.

	Naipakita	Hindi Naipakita
Nakapagsulat ng isang rap na nagpapakita ng ugnayang epiko ng Pilipnas at India		
Naangkupan ng wastong ritmo ang indayog at sukat ng epiko ssa pag-rap		
Nabigkas nang malinaw at may angkop na damdamin at galaw ang rap		
Masaya at naging kawili-wili ang pagtatanghal		

Pagtatapos ng PAGLILIPAT:
Sa bahaging ito, ang inyong ginawa ay paglalahad ng saloobin at mungkahing solusyon sa mga suliraning panlipunan na may kinalaman sa pagiging malaya ng isang kabataan. Ano ang iyong masasabi sa nasabing gawain? Paano nakatulong ang gawain sa paglilipat upang makita mo ang katotohanan sa ating kapaligiran ngayon?

Aralin 3: ELEHIYA

Panitikan : Elehiya sa Kamatayan ni Kuya (Elehiya - Bhutan)
Isinalin sa Filipino ni Pat V. Villafuerte

Wika: Pang-uring Nagpapasidhi ng Damdamin

PAGTUKLAS

Isa sa pinakamabigat na damdaming maaaring dalhin ng isang tao ay ang pagdadalamhati sa pagpanaw ng isang mahal sa buhay. Ang damdaming ito ay maaaring dalhin sa matagal na panahon. Sinasabing ang damdaming tulad ng pagkalungkot, pagdurusa at pagdadalamhati ay dapat na inilalabas upang makatulong sa pagpapagaan ng dalahin sa buhay. Isa sa pinakalumang pamamaraan upang maipalabas ang ganitong saloobin o damdamin ay sa pamamagitan ng pag-awit o pagsulat ng isang elehiya. Ang elehiya ay isang tulang liriko na nagpapagunita at nagpaparangal sa isang pumanaw na mahal sa buhay.

Sa araling ito ay tatalakayin natin ang isang sa pinakakilalang elehiya sa kanlurang Asya at kung paano ito ginagamit upang mailarawan ang sidhi ng damdamin ng isang nilalang. Paano nagkakatulad at nagkakaiba-iba ang pamamamaraan ng iba't ibang lahi sa pagpaparangal at pagdadalamhati sa mga yumaong mahal sa buhay?

Inaasahan na maisasakatuparan mo ang pagganap sa paglalahad ng isang balitang nagpapakita ng angkop na damdamin at maingat na pagpili ng mga salitang gagamitin upang maging mabisa ang paglalarawan o pagalalahad ng impormasyon.

GAWAIN 1. Facebook Talaarawan

Puntahan ang iyong facebook account. Pumili ng isang tao mula sa iyong mga nalistang kaibigan sa facebook na iyong labis na pinapahalagahan. *I-copy at paste* ang kanilang larawan sa kahon. Isulat mo ang tatlong mahahalagang pangyayari na hindi mo malilimutan sa taong iyong napili. Isulat mo sa pinakababang kahon kung ano ang kanyang nagawa para labis mo siyang pahalagahan.

www.facebook.com

Larawan	**Pangalan:** _____ **Edad:** _____ **Propesyon:** _____ **Relasyon:** _____

Di-Malilimutang Pangyayari:

Di-Malilimutang Pangyayari:

Di-Malilimutang Pangyayari:

Nagawa upang Labis na Pahalagahan:

Sagutin ang mga prosesong tanong:

1. Naging madali ba sa iyo ang pagpili?
   _____
   _____

2. Ano ang naging basehan mo sa pagpili?
   _____
   _____
   _____
   _____

GAWAIN 2. Alalahanin Mong Muli…

Masakit ang mawalan ng minamahal. Maraming tao ang napapariwara bunga ng pagkawala ng mahal sa buhay. Ikaw, naranasan mo na bang mawalan ng minamahal sa buhay? Ano ang iyong naramdaman? Paano mo ito hinarap? Isulat mo sa ibabang kahon ang mga salitang karapat-dapat sa kanya.

Larawan	**Pangalan:** _____ **Edad:** _____ **Propesyon:** _____ **Relasyon:** _____

Damdamin sa kanyang pagkawala:

Mga ginawa upang maibsan ang pagdadalamhati:

Mga pananalita para sa yumaong mahal sa buhay…

Batay sa gawaing iyong sinagutan, tuklasin natin ang iyong kaalaman batay sa pagsagot sa IRF Chart. Susukatin nito ang iyong kaalaman bago simulan ang pagtalakay ng mga aralin.

GAWAIN 3. IRF (Initial, Revised, Final)

Isulat ang iyong inisyal na kaalaman tungkol sa tanong, sa pagpapatuloy ng aralin maaari mo ring isulat ang iyong mga rerebisahing kaalaman. Sa pagtatapos ng araling ito, kinakailangan mong isulat ang iyong pinal na kaalaman tungkol sa tanong.

Tanong: Gaano kahalaga ang paggamit ng wastong salita sa paglalahad ng ating damdamin?
Inisyal:
Revised:
Final:

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga dating kaalaman tungkol sa kung paano ipinakikita ng isang elehiya ang kultura ng isang bansa.

KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS

Nasubukan mo ng kilalanin ang mahahalagang tao sa iyong buhay at ang iyong damdamin sa pagkawala ng iyong mga mahal sa buhay. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng mabisang paglalarawan at paggamit ng mga saalitang angkop sa paglalahad ng impormasyon.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay mapalalim ang iyong kaalamang panggramatika sa pamamagitan ng paggamit ng angkop na mga salita sa paglalarawan o pagpapasidhi ng damdamin. Mauunawaan mo rin sa bahaging ito ang elehiya bilang isang akdang pampanitikan na nagpapakilala sa kultura ng isang bansa sa Kanlurang Asya. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin ang elehiya.

Basahin Mo:

Ano ang Elehiya?

Ang elehiya ay isang tulang liriko na naglalarawan ng pagbubulay-bulay o guni-guni na nagpapakita ng masidhing damdamin patungkol sa alaala ng isang pumanaw na mahal sa buhay.

Ang isang elehiya ay may damdaming ng pagtangis, pagpapaalala at pagpaparangal sa isang pumanaw. Ang himig ng isang elehiya ay matimpi at mapagmuni-muni at hindi masintahin.

Basahin at Unawain

Elehiya sa Kamatayan ni Kuya
Isinalin sa Filipino ni Pat. V. Villafuerte

Hindi napapanahon!
Sa edad na dalawampu't isa, isinugo ang buhay
Ang kanyang malungkot na paglalakbay na hindi matanaw
Una sa dami ng aking kilala taglay ang di-mabigkas na pangarap
Di maipakitang pagmamahal
At kahit pagkaraan ng maraming pagsubok
Sa gitna ng nagaganap na usok sa umaga
Maniwala't dili panghihina at pagbagsak!

Ano ang naiwan!
Mga naikuwadrong larawang guhit, poster at larawan,
Aklat, talaarawan at iba pa.
Wala nang dapat ipagbunyi
Ang masaklap na pangyayari, nagwakas na
Sa pamamagitan ng luha naglandas ang hangganan, gaya ng paggunita
Ang maamong mukha, ang matamis na tinig, ang halakhak
At ang ligayang di – malilimutan.

Walang katapusang pagdarasal
Kasama ng lungkot, luha at pighati
Bilang paggalang sa kanyang kinahinatnan
Mula sa maraming taon ng paghihirap
Sa pag-aaral at paghahanap ng magpapaaral
Mga mata'y nawalan ng luha, ang lakas ay nawala
O' ano ang naganap,
Ang buhay ay saglit na nawala

Pema, ang immortal na pangalan
Mula sa nilisang tahanan
Walang imahe, walang anino at walang katawan
Ang lahat ay nagluksa, ang burol ay bumaba, ang bukid ay nadaanan ng unos
Malungkot na lumisan ang tag-araw
Kasama ang pagmamahal na inialay
Ang isang anak ng aking ina ay hindi makikita
Ang masayang panahon ng pangarap.

GAWAIN 4. Pagpapalawak ng Talasalitaan

Mula sa binasang tula, pumili ng mga linyang hindi mo madaling maunawaan. Isulat ito sa kahon at suriing mabuti. Isulat sa katapat na kahon ang inaakalang kahulugan.

	Bahagi ng Tula		Kahulugan
1.		⇨	
2.		⇨	
3.		⇨	
4.		⇨	

GAWAIN 5. TALAKAYIN NATIN!

Sagutin ang mga sumusunod na tanong upang masuri at mapalalim ang binasang akda.

1. Tungkol saan ang binasang tula?
   _____
   _____

2. Paano ipinakita ng may-akda ang kanyang pagdadalamhati?
   _____
   _____

3. Masasabi bang mahalaga sa may-akda ang tauhang tinutukoy sa tula? Pangatwiranan.
   _____
   _____
   _____

4. Masasabi mo bang magkatulad kayo ng may-akda sa pagturing sa inyong mga pumanaw na mahal sa buhay?
   _____
   _____
   _____

5. Kung ikaw ang may-akda, paano mo maipadarama ang pagpapahalaga sa isang tao?
   _____
   _____
   _____

6. Paano mo haharapin ang pagkawala ng isang minamahal sa buhay?
   _____
   _____

7. Paano nakapagbibigay ginhawa sa isang dalamahati ang pagsulat ng isang elehiya?
   _____
   _____
   _____

8. Kung ihahambing, may kaibahan ba ang mga elehiyang naisulat sa ating bansa sa elehiyang nabasa?
   _____
   _____

GAWAIN 6. Damdamin, Tukuyin Mo!

Tukuyin ang damdaming ipinahahayag o namayani sa bawat saknong ng tula.

SAKNONG	DAMDAMIN
SAKNONG 1 Hindi napapanahon! Sa edad na dalawampu't isa, isinugo ang buhay Ang kanyang malungkot na paglalakbay na hindi matanaw Una sa dami ng aking kilala taglay ang di-mabigkas na pangarap Di maipakitang pagmamahal At kahit pagkaraan ng maraming pagsubok Sa gitna ng nagaganap na usok sa umaga Maniwala't dili panghihina at pagbagsak!	
SAKNONG 2 Ano ang naiwan! Mga naikuwadrong larawang guhit, poster at larawan, Aklat, talaarawan at iba pa. Wala nang dapat ipagbunyi Ang masaklap na pangyayari, nagwakas na Sa pamamagitan ng luha naglandas ang hangganan, gaya ng paggunita Ang maamong mukha, ang matamis na tinig, ang halakhak At ang ligayang di – malilimutan.	
SAKNONG 3 Walang katapusang pagdarasal Kasama ng lungkot, luha at pighati Bilang paggalang sa kanyang kinahinatnan Mula sa maraming taon ng paghihirap Sa pag-aaral at paghahanap ng magpapaaral Mga mata'y nawalan ng luha, ang lakas ay nawala O' ano ang naganap, Ang buhay ay saglit na nawala	
SAKNONG 4 Pema, ang immortal na pangalan Mula sa nilisang tahanan Walang imahe, walang anino at walang katawan Ang lahat ay nagluksa, ang burol ay bumaba, ang bukid ay nadaanan ng unos Malungkot na lumisan ang tag-araw Kasama ang pagmamahal na inialay Ang isang anak ng aking ina ay hindi makikita Ang masayang panahon ng pangarap.	

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Batay sa mga natukoy na damdamin, ano ang kaibahan nito sa iba't ibang elehiya sa Asya?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano ipinakita sa elehiya ang wastong pagtukoy sa pinakaangkop na damdamin?

   _____
   _____
   _____
   _____

Ngayong naisagawa mo na ang mga gawain na natutungkol sa kahalagahan ng elehiya, tutuklasin naman natin ang mga salitang ginamit sa akda. Napansin mo ba ang mga salitang ginamit?

TANDAAN MO!

MGA SALITANG NAGPAPASIDHI NG DAMDAMIN

Ang mga salitang ating ginagamit sa paglalarawan ay nagtataglay ng iba't ibang antas upang makita ang kababawan at kalaliman ng kahulugan ng mga salita batay sa pagkakagamit sa pangungusap. Ang mga salitang ito ay tumutulong upang makilala ang pinakaangkop na kilos, emosyon o saloobin ng isang tao.

Ang pagpapasidhi ng damdamin ay isang uri ng pagpapahayag sa paraang papataas na antas nito.

GAWAIN 7. Ano ang LEVEL mo?

Tukuyin mo ang antas batay sa sidhi ng damdaming ipinapahayag. Isulat ang bilang 1 hanggang 3.

3: pinakamasidhi
2: masidhi
1: di-masidhi

A. ____ Panibugho
____ Pagseselos
____ Pagkasuklam

B. ____ Paghanga
____ Pagmamahal
____ Pag-irog

C. ____ Takot
____ Pangamba
____ Kaba

D. ____ Sigaw
____ Bulong
____ Hiyaw

GAWAIN 8. Isang Pangungusap

Pumili ng isang pangkat ng mga salita sa gawain 7. Gamitin sa pangungusap ang bawat salita.

Pangungusap 1: _____
_____

Pangungusap 2: _____
_____

Pangungusap 3: _____
_____

Sagutin ang mga pamprosesong tanong:

1. Ano ang napansin mo habang binubuo mo ang mga pangungusap?
_____
_____
_____

2. Magkakatulad ba ang mga salitang ginamit ng antas? Pangatwiranan.
_____
_____

_____
_____

GAWAIN 9. Pagnilayan

Sa puntong ito, aalamin natin ang mga kasanayang iyong natutunan sa aralin. Layunin ng gawaing ito na masukat ang iyong kaalaman sa puntong ito gamit ang flowtsart na ito. Isulat sa kahon ang iyong mga natutunan.

ELEHIYA	MGA SALITANG NAGPAPASIDHI NG DAMDAMIN	KAISIPAN

Katapusang Bahagi ng Paglinang:
Sa bahaging ito, tinalakay natin ang kahalagahan ng elehiya at ang wastong paggamit ng mga angkop na salita upang ilarawan ang damdamin.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGPAPALALIM

Bilang panimula sa bahaging ito, ibig kong magkaroon ka ng pansariling pagtataya. Sa iyong palagay, sa tulong ng mga sinundang gawaing iyong isinagawa, ***masasabi mo bang kaya mo nang tatasin o tukuyin ang mga pinakaangkop na salita upang ilarawan ang iyong damdamin tungkol sa mga kasalukuyang kaganapan sa iyong kapaligiran?***

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang ***IRF*** na iyong nasimulan sa ilalim ng **PAGTUKLAS**. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot. Sagutin mo ang kolum **pagkatapos ng talakayan**.

Tanong: Gaano kahalaga ang paggamit ng wastong salita sa paglalahad ng ating damdamin?
Inisyal:
Revised:
Final:

Bakit kinakailangan mong baguhin ang mga naging sagot? Isulat ang mga dating sagot sa unang kahon. Isulat ang iyong mga bagong sagot mula dating kaalaman sa ikalawang kahon. Isulat ang iyong sagot sa PALIWANAG na kahon.

Dating Kasagutan	Bagong Kaalaman
Paliwanag:	

GAWAIN 10. Anong Damdamin Mo?

I-klik mo ang mga sumusunod na *link.* Basahin ang mga balitang nakapaloob sa link. Sumulat ng isang talata tungkol sa paglalarawan ng iyong damdamin kaugnay ng nabasang balita.

Sa gawaing ito, masusukat mo ang iyong sarili sa paglalahad ng iyong damdamin at ang wastong paggamit ng mga salitang may kaugnayan sa pagpapasidhi ng damdamin.

BALITA TUNGKOL SA MGA KABATAAN

Link:
www.gmanetwork/24oras.com/sandraaguinaldo.mgakabataanngmaynila.com

Talata: (Paglalahad ng Damdamin)

BALITA TUNGKOL SA MGA KORAPSYON SA PAMAHALAAN

Link:
www.gmanetwork/24oras.com/kabanngbayan.com

Talata: (Paglalahad ng Damdamin)

BALITA TUNGKOL SA PAGPAPAHALAGA SA ISANG INA

Link:

Talata: (Paglalahad ng Damdamin)

GAWAIN 11. Isulat Mo!

Buuin ang pahayag upang magkaroon ng isang buong konsepto.

Makatutulong ang wastong paggamit ng mga pinakaangkop na salita sa paglalarawan sa damdamin dahil

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:

Sa bahaging ito, tinalakay natin ang mga kaalaman hinggil sa paggamit ng mga angkop na salita sa paglalarawan ng damdamin. Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang proyektong may kinalaman sa pagalalahad ng impormasyon gamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng damdamin bilang paghahanda sa isang masining na pagtatanghal.

PAGLILIPAT

Mahusay! Sadyang naipakita mo ang iyong kaalaman sa paggamit ng mga salitang kinakailangan upang ilarawan ang iyong damdamin.

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin ng modyul na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal. Sa ngayon upang maihanda ka sa iyong inaasahang pagganap tungkol sa malikhaing pagtatanghal, gawin mo muna ang mga paunang gawain ito.

GAWAIN 12. Mini-Task 3: BALITAANG INTER-AKTIBO!

Bilang pangwakas na gawain, ikaw ay bubuo ng isang balitaang inter-aktibo. Sundin lamang ang mga pamaaraan sa pagbuo nito.

Inter-aktibong BALITAktakan
(Pagtatanghal ng Isang Balita na may Talakayan)

1. Bilang isang mag-aaral na mulat, ikaw ay pipili ng isang balita o paksang maaaring pagtalunan o talakayin.
2. Mananaliksik ka ng balitang may kaugnayan sa iyong napiling paksa. Iuupload mo ang balita sa iyong mga social networking sites, blogs o sa discussion board.
3. Susulat ka ng isang opinyon na may kaugnayan sa iyong nararamdaman tungkol sa balitang iyong napili.
4. Hihingiin mo ang opinyon, paninindigan at paniniwala ng mga netizens tungkol sa balitang iyong inupload kasama ang iyong sinulat na opinyon na may paglalahad ng damdamin kaugnay ng balita.
5. Mula sa mga komento o pananaw na makukuha mo mula sa mga social networking sites o maging sa discussion board, susulat ka ng isang paglalagom tungkol sa mga nakalap na datos o impormasyon.
6. Irerekord mo ito upang maging isang video at pagkatapos ay muli mong iuupload sa inyong discussion board upang makita ng lahat ng nagbigay komento.

Sources:
www.facebook.com
www.twitter.com
www.bloggers.com
www.blogspot.com

GAWAIN 13. IRF

Bilang pangwakas na gawain, pupunuan mo na ang bahaging F ng tsart. Aalamin nito ang pinakapinal na natutunan mo mula sa pagtalakay ng aralin.

Tanong: Gaano kahalaga ang paggamit ng wastong salita sa paglalahad ng ating damdamin?
Inisyal:
Revised:
Final:

	Naipakita	Hindi Naipakita
Nakapagsulat ng isang rap na nagpapakita ng ugnayang epiko ng Pilipnas at India		
Naangkupan ng wastong ritmo ang indayog at sukat ng epiko ssa pag-rap		
Nabigkas nang malinaw at may angkop na damdamin at galaw ang rap		
Masaya at naging kawili-wili ang pagtatanghal		

Pagtatapos ng PAGLILIPAT:
Sa bahaging ito, ang inyong ginawa ay paglalahad ng saloobin at mungkahing solusyon sa mga suliraning panlipunan na may kinalaman sa pagiging malaya ng isang kabataan. Ano ang iyong masasabi sa nasabing gawain? Paano nakatulong ang gawain sa paglilipat upang makita mo ang katotohanan sa ating kapaligiran ngayon?

Aralin 4: MAIKLING KUWENTO

Panitikan: Ang mga Paghahangad ni Siddartha ni Herman Hesse
(Maikling Kuwento – Indiya/Alemanya)
Muling Isinalaysay ni Louie Jon A. Sanchez

Wika: Mga Pang-ugnay para sa Kronolohikang Pagsusunudo-sunod

PAGTUKLAS

Likas sa tao ang maghanap ng mga bagay na makapagpapasaya sa kaniya. Hindi man maunawaan ng iba ngunit ang bawat isa sa atin ay may konsepto ng kasiyahan o kaligayahan. Iba't iba ang pamamaraan ng bawat isa sa atin sa pagtingin sa buhay. Maaaring ang makapagpapasaya sa iyo ay hindi sa iba. Halina't alamin natin kung paano ipaliliwanag ng isang akdang pampanitikan ang makabuluhang dahilan kung bakit ang bawat tao ay may konsepto ng kaligayahan. Paano ipinakita ang paghahanap ng tao ng kanyang sarili sa gitna ng kanyang karaangyaan? Paano ipinakita ang kultura ng isang bansa sa pamamagitan ng isang akdang pampanitikan?

Sa araling ito tatalakayin natin ang isang maikling kuwento na nagmula sa bansang India. Inilahad sa maikling kuwentong ito ang ilang paniniwala, tradisyon at kultura ng isang bansa. Tatalakayin din sa araling ito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa maikling kuwento sa pamamagitan ng mabisang pagtukoy ng iba't ibang tunggalian ng tao.

GAWAIN 1. PILIIN MO!

Direksyon: Pumili ng dalawang larawan na sa tingin mo ay magkaugnay o mayroong kuwento. Ipaliwanag kung bakit ito nagkaroon ng ugnayan sa isa't isa.

Mga Larawang Pagpipilian:

Pulis	Guro	Pagbaha
Pagsabog ng Bulkan	Bata	Kahirapan

1.

Larawang Napili Bilang 1	+	Larawang Napili Bilang 2	=	Paliwanag:

2.

Larawang Napili Bilang 1	+	Larawang Napili Bilang 2	=	Paliwanag:

Sagutin ang mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naging basehan upang magkaroon ng ugnayan ang mga larawang napili?

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Paano ito nakatutulong sa pagbuo ng isang kuwento?

   _____
   _____
   _____
   _____
   _____

GAWAIN 2. Anticipation Reaction Guide

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN
	Ang tunggalian ang pinakamasidhing bahagi ng isang maikling kuwento.	
	May limang uri ng tunggalian laban sa tao na siyang batayan ng mahahalagang tagpo ng akda.	
	Ang mga taga-Indiya ay may pananampalatayang Hudaism na nakaaapekto sa kanilang gawi o paraan ng pamumuhay.	
	Ang tunggalian ay binubuo ng isang pagtatangka lamang ng pangunahing tauhan mula sa nararanasang suliranin.	

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga dating kaalaman tungkol sa mahahalagang tunggalian ng isang maikling kuwento at ang mahahalagang konsepto sa isang akdang tatalakayin.

KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS

Nasubukan mo ng magkaroong ng inisyal na kaalaman sa tunggalian ng isang akda. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyo upang linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo sa isang masining na pagtatanghal.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Pauunlarin natin ang dati mong kaalaman tungkol sa mga tunggalian ng isang maikling kuwento sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aanalisa sa mga isinagawang pakikihamok ng pangunahing tauhan ng isang akda sa suliraning kanyang kinahaharap.

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan ang uri, katangian at kahalagahan ng isang tunggalian sa pagbuo ng isang mabisang maikling kuwento. Ang pagsagot sa iba't ibang grapikong pantulong at mga gawain ay

makatutulong sa iyo upang madaling maisagawa ang inaasahang pagganap: malikhaing pagtatanghal.

UNAWAIN MO…

Mahalaga sa isang kuwento ang malinaw at maayos na pagkakasalaysay ng mga pangyayari. Payak man o hindi ang pagkakalahad, dapat na maging mabisa ang pagkakalahad ng mga pangyayari, kaisipan at konsepto.

Walang kuwento kung walang banghay. Ang ***banghay*** ang itinuturing na pinakabalangkas ng mga mahahalagang pangyayari. Ito ay dapat na binubuo ng panimula, gitna at wakas.

Ang panimula ng kuwento ang nagpapakilala sa tauhan, naglalarawan sa tagpuan at nagbibigay ng inisyal na suliranin at aksyon sa kuwento. Tinutulungan ng pagbabalik-tanaw o *flashback* ang mga detalyeng inilalahad sa panimula. Dahil sa mga kawing-kawing na mga pangyayari, nabubuo ang isang kuwento. Mula sa suliranin at sa pakikipagtunggali ng tauhan upang mapagtagumpayan ang suliranin hanggang sa kasukdulan at wakas. Ang mga maikling kuwento ay kasasalaminan ng kultura at kaugalian ng mga lugar o rehiyon na pinagmulan nito.

Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin ang maikling kuwento.

Basahin at Unawain

Ang mga Paghahangad ni Siddartha
Isinulat ni Herman Hesse
Muling isinalaysay ni Luoie Jon A. Sanchez

Isinilang sa isang marangyang buhay si Siddartha, anak ng isang Brahmin, na uri ng mga tao sa antigong lipunang Hindu na mula sa angkan ng mga pari, alagad ng sining, guro, at iba pa. Lumaki siyang nabububungan, naaalagaan, kasama ng kaibigang si Govinda, kapuwa niya mula sa angkan ng mga Brahmin. Napakagandang lalaki ni Siddartha sa kaniyang panahon, matipuno. Lumaki rin siyang babad sa pag-aaral, sa pakikisangkot sa mga ritwal, maging sa pakikipagtagisan sa katuwiran kasama si Govinda. Marami na siyang natutunan hinggil sa pagninilay, at nagkakamalay, lumalaki siyang isang malusog at matalinong binatilyo. Para sa kaniyang ama, itinakda na siyang maging isang mahusay na Brahmin.

Ang matalik niyang kaibigang si Govinda, na lubos na humahanga sa kaniya ay nakadama na hindi magiging karaniwang Brahmin si Siddartha. May kabatiran din sa Govinda na kapuwa sila hindi magiging ordinaryong Brahmin. Halos panginoon niya ang kaibigang si Siddartha, kapara ng mataas na pagtingin ng madla. Ang kabaligtaran nito, walang ligayang nadarama si Siddartha sa kaniyang sarili. Tila ba may hinahanap siya sa kaniyang buhay. Sa kabila ng rikit ng kaniyang paligid, kaginhawahan sa kaniyang pag-aaral at pagsasaya sa tabi ng

ilog, katuwaan sa pag-aaral ng mga sinaunang teksto, tumibok nang tumibok sa kaniyang loob ang paghahangad na hagilapin ang kung ano man na magpapaganap sa kaniya. Unti-unti niyang nadama na hindi sapat ang pagmamahal ng kaniyang mga magulang, maging ng kaniyang kaibigang si Govinda upang mapunan ang tila kulang sa kaniyang sarili.

Ano nga ba ang mga natutuhan niya sa buhay? Ang mga guro'y puno ng karunungan at naibigay na nila sa kaniya ang lahat ng maaaring pinakaakmang katuruan. Napakarami niyang mga tanong, at tila ba hindi naman naiibsan ng mga pag-aalay ang kaniyang kalungkutan. Nais niyang malaman, matamasa ang atman, ang kaibuturan at kaluluwa, ngunit parang napakailap ng mga ito sa kaniya. Napakasaklap sapagkat hindi niya ito matagpuan sa mga klase niya't pagdadalubhasa, sa kaniyang pagninilay, sa pagbabasa. Hindi niya maunawaan ang paglikha, ang paghinga at pag-aaruga, ang takbo ng daigdig sa kamay ng mga diyos. Hindi niya rin matukoy ang halaga ng lahat. Hinahanap niya ang kaniyang atman, ang kaniyang kaluluwa. Kahit ang binasa niyang mula sa Upanishad na *ang kaluluwa mo'y kaisa ng daigdig* ay walang kahulugan sa kaniya. Mula sa kalungkutan higit niyang nadamang sa gitna ng rangya at kariwasaan, sa pagmamahal at pagkatubog sa karunungan, naroroon siya sa isang uri ng pagkauhaw, ng pagdurusa. Takang-taka siya sa mga kasamahang kung maghapon ay nagtutungo sa ilog upang maglinis ng kaluluwa. Naligalig siyang maisip na kung tunay ngang kaisa ng daigdig ang bawat kaluluwa, bakit kailangan pa nitong malinis araw-araw? Napuno siya hindi lamang ng mga tanong kundi ng ibayong bagabag. Ito ay sa kabila ng pagtitiyak niya sa sarili, gamit ang mga sagradong tekstong binabasa niya magha-maghapon, na nababatid na niyang lahat.

Isang araw, niyaya niya ang kaibigang si Govinda na magnilay sa ilalim ng punong Banyan. Naglayo sila nang may akmang ouwang para sa isa't isa. Nang magsimula sila, binigkas ni Siddartha ang katagang *Om ay ang arko, ang On ay ang pana. Ang Brahmin ang asintahin. Ito ang kailangang tamaan.* Natapos ang pagninilay nila kinagabihan at tumayo na si Govinda upang makapaglinis at makapag-alay. Ilang ulit niyang tinawag si Siddartha ngunit tila ba may iba itong kinalalagyan, ibang daigdig. Upang hindi ito ginawin, binalabalan niya ito. Kinabukasan, kinausap ni Siddartha ang kaibigan upang sabihing ninanasa niyang hagilapin ang kaniyang mga paghahangad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga Samana, ang mga palaboy na mistiko na naglalagi sa kagubatan.

Ngunit kailangan niyang hingin ang pagpayag ng kaniyang ama. Ang Brahmin, nang kaniyang kausapin ay nahintakutan sa kaniyang narinig. Natakot siya sa maaaring mangyaring pagdarahop sa kaniyang anak. Sinikap niyang hikayatin ito na huwag ituloy ang plano, na nababatid ang kahirapan ng mga Samana, ang kanilang pamumuhay sa kasukalan at kakulungan.

Inabangan ni Siddartha ang kaniyang ama habang nagninilay. Nakatayo lamang ang binata, nakahalukipkip . Matapos nang matagal na paghihintay sa ama, nakaramdam ang ama na naroon ngang nakatayo ang minamahal sa kaniyang likuran.

Ano ang iyong ginagawa riyan Siddartha?

Nais ko po sanang hingin ang inyong pagpayag sa aking balak. Mithi ko pong lisanin ang kaharian upang maging ermitanyo. Sasama po ako sa mga Samana.

At bakit mo naman naisip na papaya ako? Napakahirap ng buhay ng mga Samana. Mamamatay ka sa gutom.

Matapos na sambitin ito ng kaniyang ama ay nanahimik ang matandang Brahmin. Nag-isip, huminga ng malalim habang sa pagninilay ay humahagilap ng mga pamamaraan upang mahikayat ang anak na huwag ituloy ang balak. Hindi siya makapaniwala na mamumutawi ang mga salita mula sa mga labi ng isang Brahmin.

Hindi ito nararapat sa mga tulad natin. Ang mga kaisipan mong iyan ay hindi nababagay sa ating may malalim na pag-unawa at pag-aaral sa mga bagay. Mabuti pang ipagpatuloy mo na ang iyong gawain at huwag na akong abalahin kailanman hinggil sa kahangalang ito.

Hindi natinag si Siddartha sa sinambit na ito ng kaniyang ama. Nanatili siya sa kaniyang kinatatayuan habang nakaupo't nagninilay ang kaniyang ama. Nang makitang naroroon pa rin ang anak sa kaniyang pagtayo, hindi na sana niya papansinin ang itinuturing na kapritso ng anak. Ngunit nagwika muli ito:

Ama, payagan mo na ako. Kailangan kong hanapin ang aking kaganapan.

Mapapagod ka lamang sa paghihintay ng aking pagpayag, wika ng ama na magtutungo na sa kaniyang silid upang mamahinga.

Maghihintay ako.

Ikapapagod mo ito, anak.

Maghihintay ako.

Gagabaan ka ng antok.

Hindi ako aantukin.

Nahindik ang ama sa kaniyang sasambitin, kaya bumuntong-hininga muna siya.

Mamamatay ka sa iyong balak, Siddartha.

Alam kong mamamatay ako. Lahat ay mamatay.

At mas pipiliin mo ang mamatay kaysa sumunod sa iyong ama?

At dito minasdang mabuti ng ama ang paninindigan ng anak. Sadyang napakatibay. Kaya walang nagawa ang ama. Pinayagan niya ito. Ngunit hinabilinan na kung hindi nito makakaya ang pamumuhay bilang Samana, makababalik ito agad-agad sa kanilang tahanan.

At nagsimula na nga mga ilang araw matapos ang pag-uusap, ang paglalakbay ni Siddartha. Isinama ni Siddartha ang kaibigang si Govinda, na agad na sumunod sa kaniyang paanyaya.

GAWAIN 3. Paglinang ng Talasalitaan

Hanapin mo ang kahulugan ng mga salita sa akdang binasa. Isulat mo sa kahon ang sagot.

1.	Brahmin	
2.	Upanishad	
3.	Samana	
4.	Atman	

Alamin Mo!

Ang isang maikling kuwento ay nagtataglay ng isang suliraning magbibigay kulay sa buhay ng isang pangunahing tauhan. Ang pagtatangka ng pangunahing tauhan na labanan at bigyang-solusyon ang suliranin ay tinatawag na tunggalian. Ito ang nagpapataas ng kawilihan ng mga mambabasa upang tapusin ang isang akda.

Batay sa pag-aaral sa banghay ng maikling kuwento sa kasalukuyang panahon, ang tunggalian ay may apat na uri: *(1) tao laban sa tao (2) tao laban sa sarili (3) tao laban sa kalikasan at; (4) tao laban sa lipunan.*

Itinuturing na ang tunggalian ang siyang pinakamasidhing bahagi ng isang maikling kuwento. Sa bahaging ito, matutunghayan ang pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan upang mapagwagian ang kanyang suliranin.

Matutunghayan din ang iba't ibang emosyon at pamamaraan na nakabatay sa nararamdaman at naiisip ng pangunahing tauhan upang maging matagumpay sa suliraning pinagdaraaanan.

GAWAIN 4. Kilalanin Mo Siya!

Sa binasa mong akda, mainam kung makikilala natin ang tauhan batay sa kanyang ikinilos, iniisip at estado sa buhay. Balikan ang akda at tukuyin ang mahahalagang impormasyon na natutungkol sa pangunahing tauhan.

S
I
D
D
A
R
T
H
A

Estado sa Buhay:

Pananampalataya:

Kapalarang Hinaharap:

Mithiin sa Buhay:

Kumpletuhin mo ang pahayag.

Batay sa inilahad na mga impormasyon tungkol sa pangunahing tauhan, masasabing siya ay

_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 5. Usisain Natin!

Tukuyin natin ang iba't ibang mahalagang pangyayari sa akdang binasa. Suriin kung ano/sino ang maaaring humadlang sa kanyang mga ninanais o mithiin.

SIDDARTHA

Mahahalagang Mithiin/Pangyayari	Mga Humahadlang

Pansinin ang mga inaakalang hadlang sa pagkakamit ng mithiin ng pangunahing tauhan. Ang mga hadlang na ito ay maaaring matawag na suliranin o bahagi ng tunggalian.

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

1. Ano ang iyong naging batayan sa pagtukoy ng mga hadlang sa mithiin ng pangunahing tauhan?

   _____

   _____

   _____

   _____

2. Maaari ba nating sabihin na ang mga hadlang ay ang suliranin ng tauhan?

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

3. Paano ito napagtagumpayan ng pangunahing tauhan? Ipaliwanag.

_____
_____
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 6. Buuin Mo…

Buuin mo ang pahayag upang mabuo ang kaisipang iyong natutunan sa pagtalakay sa akdang nabasa.

Mahalagang pag-aralan ang mga tunggalian ng isang kuwento sapagkat

Ngayong naisagawa mo na ang mga gawain na nagpalitaw sa iba't ibang tunggalian ng akda, alamin naman natin ang mga kaalamang makatutulong sa atin na pagsunud-sunurin ang mahahalagang pangyayari. Ang pag-aaral ng mga pang-ugnay ay makatutulong sa ating maging mahusay na manunulat at tagapagsalaysay.

Katapusang Bahagi ng Paglinang:

Ngayong natukoy mo na ang kahalagahan ng mga tunggalian sa kuwento, masasabing ikaw ay may malalim ng pang-unawa sa araling tinatalakay. Mas lalo nating pagyamanin ang iyong kaalaman sa bahaging ito ng aralin sa pamamagitan ng mga sumusunod na aralin. Sa bahaging ito matutukoy at maipaliliwanag mo ang mga mahahalagang konsepto ng tunggalian sa kuwento.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGPAPALALIM

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang *Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng **PAGTUKLAS**. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot. Sagutin mo ang kolum **pagkatapos ng talakayan**.

GAWAIN 7. Balikan Mo! (Anticipation Reaction Guide)

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang ikatlong kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Pansinin kung nagbago ang kasagutan sa naunang ARG. Paghambingin ang sagot at ipaliwanag kung bakit nagkakaiba ang iyong mga sagot.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN
	1. Ang tunggalian ang pinakamasidhing bahagi ng isang maikling kuwento.	
	2. May limang uri ng tunggalian laban sa tao na siyang batayan ng mahahalagang tagpo ng akda.	
	3. Ang mga taga-Indiya ay may pananampalatayang Hudaism na nakaaapekto sa kanilang gawi o paraan ng pamumuhay.	

	4. Ang tunggalian ay binubuo ng isang pagtatangka lamang ng pangunahing tauhan mula sa nararanasang suliranin.	

GAWAIN 8. IUGNAY MO!

Buksan mo at pakinggang mabuti an gang huling SONA ni Pangulong Aquino, taong 2015. Subuking tukuyin ang mga mahahalagang detalyeng nagawa ng kanyang administrasyon at tingnan kung sino o ano ang mga naging balakid sa pagtahak ng kanyang matuwid na daan. Mahalagang malaman mo ito upang makita ang kahalagahan ng mga tunggalian sa totoong buhay.

Buksan ang link: www.youtube/SONAniPNoy2015

SONA NI PANGULONG AQUINO 2015		
Mga Mahalagang Detalyeng Naiulat na Nagawa ng Administrasyon	Mga Naging Sagabal	Kabutihan ng Kaganapan

Pamprosesong Tanong:
Kumpletuhin ang pahayag.

Mahalagang maiugnay ang pag-aaral ng iba't ibang uri ng tunggalian sa kasalukuyang panahon sapagkat

_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:

Sa bahaging ito naiugnay natin ang ating natalakay na aralin sa mga kaganapang pangkasalukuyan. Ngayon, masasagot mo na ba ang katanungan tungkol sa kung gaano kahalaga ang ating mga natalakay na aralin sa pang-araw-araw nating pamumuhay?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang inaasahang pagganap na may kinalaman sa pagbuo ng isang maikling iskit na kakikitaan ng tunggalian. Ito ay may kinalaman sa pagbuo ng isang mahalagang pagganap, ang malikhaing pagtatanghal.

PAGLILIPAT

Lubhang napakahusay mo sapagkat napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawain may kaugnayan sa ating aralin.

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin ng modyul na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal.

GAWAIN 9. Mini-Task 3: Komik Istrip

Bilang pangwakas na gawain, isasakatuparan mo ang inaasahang pagganap na susukat sa iyong kasanayan na bumuo ng isang kuwento na kinatatampukan ng iba't ibang uri ng tunggalian.

Gamitin ang aplikasyong TOONDOO sa pamamagitan ng paklik sa link na ito, www.toondoo.com.

Sumulat ng isang kuwento na kakikitaan ng wastong tunggalian. Ito ay mamarkahan sa pamamagitan ng nilalaman, bisa ng wika at pagkamalikhain.

Iskoring Rubrik sa Paglikha ng Komik Istrip

	4	**3**	**2**	**1**
Nilalaman				
Pagkamalikhain				
Bisa ng Wika				

Aralin Bilang 4: SANAYSAY

Panitikan : Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran (Sanaysay - Israel)
Isinulat ni Gordon Fillman at Isinalin ni Pat V. Villafuerte

Wika: Pamaksa at Pantulong na Pangungusap

PAGTUKLAS

Kinikilala bilang *Lupang Pangako* ang bansang Israel. Sa ating bansa, ang Israel ay kilala bilang bansa kung saan ipinanganak ang ating Panginoong Hesukristo at ang lupang pinag-ugatan ng ating pananampalataya. Bagama't ang bansang Israel ay kapitbahay lamang natin dito sa Asya at may malaki tayong ugnayan dahil sa relihiyon ay may malaki pa ring pagkakaiba ang bansa natin sa kanila. Halina't kilalanin natin nang bahagya ang kultura, tradisyon at paniniwala ng bansang Israel. Paano nagkakatulad at nagkakaiba ang ating mga bansa? Paano ipinakita ang kultura ng isang bansa sa pamamagitan ng isang akdang pampanitikan?

Sa araling ito tatalakayin natin ang isang sanaysay na nagmula sa bansang Israel. Inilahad sa sanaysay na ito ang ilang paniniwala, tradisyon at kultura ng kanilang bansa. Tatalakayin din sa araling ito ang pag-unawa at pagpapahalaga sa sanaysay sa pamamagitan ng mabisang pagtukoy sa pamaksa at pantulong na pangungusap.

GAWAIN 1. Video Analysis

Panoorin mo ang dokumentrayong ito at sagutan ang graphic organizer at mga tanong. Isulat mo sa kahon ang iyong mga sagot.

Dokumentaryo: Juan Tanga
www.youtube/imbestigador/juantanga.com

Paksa:	Kaisipan:	Tema: Tono:

Sagutin ang mga prosesong tanong:

1. Tungkol saan ang iyong pinanood na dokumentaryo?
   _____
   _____

2. Anong mga bahagi ang iyong hindi sinasang-ayunan? Pangatwiranan.
   _____
   _____

3. Anong mga bahagi ang lubos mong sinasang-ayunan? Pangatwiranan.
   _____
   _____

4. Makatutulong ba ang napanood na dokumentaryo upang makapaghatid ng pagbabago sa lipunan?
   _____
   _____

GAWAIN 2. Anticipation Reaction Guide

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN
	1. Ang sanaysay ay isang akdang pampanitikan batay sa opinyon sa isang isyu.	
	2. Ang tema ng isang sanaysay ay nagakakaiba-iba dahil sa pinagmulang bansa nito.	
	3. Ang lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan.	
	4. lisa lamang ang pamaksang pangungusap sa isang sanaysay.	

Sa puntong ito, tinuklas natin ang iyong mga dating kaalaman tungkol sa katangian ng isang sanaysay.

KATAPUSANG BAHAGI NG PAGTUKLAS

Nasubukan mo ng tukuyin paksa, tema, tono at kaisipan ng isang akda o dokumentaryong napanood. Ngayon mas palalawakin pa natin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain na makikita sa mga susunod na bahagi ng modyul.

Ang matututuhan mo sa susunod na bahagi ng modyul ay makatutulong sa iyong linawin ang mahahalagang detalye na magagamit mo sa pagbuo ng isang masining na pagtatanghal.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Pauunlarin natin ang dati mong kaalaman tungkol sa sanaysay sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-aanalisa sa mga sanaysay na naisulat sa iba't ibang bansa tulad ng Israel.

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay matutuhan at maunawaan kung paano tukuyin ang paksa o ang pangunahing kaisipan ng isang sanaysay. Ang pagsagot sa iba't ibang grapikong pantulong at mga gawain ay makatutulong sa iyo upang madaling maisagawa ang inaasahang pagganap: malikhaing pagtatanghal. Basahin at unawain ang akda. Sagutin ang mga tanong pagkatapos basahin ang sanaysay.

KAHULUGAN NG SANAYSAY

- galing sa salitang latin na OXAGIUM na nangangahulugang PAGTITIMBANG-TIMBANG

- Kathang naglalahad ng sariling pangmalas at pananaw ng sumulat hinggil sa isang paksa. Ibig sabihin, ang pananaw at kuru-kuro ng sumulat ay batay sa kanyang *KARANASAN, PAGMAMASID SA KAPALIGIRAN, DAMDAMIN at PAG-AARAL.*

Basahin at Unawain

Usok at Salamin: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran

Isinulat ni Gordon Fillman
Isinalin ni Pat V. Villafuerte

Ilang taon na ang lumipas, banal na araw noon sa Herusalem, nahirapan ako sa pinakamagulo kong karanasan sa mga kasapi ng mga piling Israeli Ashkenazic (may karanasang Europeo).

Naninirahan ako noon sa isang maganda, luma at mabuhay na lugar kasama ang mga kapitbahay kong Kurdish, Persian, Iraqui, Amerikano at Ashkenazic Israeli Jews. Isang araw, isang kilala sa akademya at ang mapayapang paggalaw ang tinigilan ng kaniyang sasakyan habang ako'y pauwi sa aking bahay mula sa kabayanan at ako'y kaniyang inalok ng sakay. Habang ako'y kaniyang ipinagmamaneho sa aming magandang lansangan, inilarawan ko ang kapalaran sa pagkakaroon ng kapitbahay mula sa iba't ibang lugar.

"Ugh", bulalas niya nang kami ay dumating sa mga Persians, "Mga Persian: sila ang pinakamasama." Ang malamig kong pakli sa kanya ay "Anong kaimpyernuhan ang pinagsasabi mo?" "Ay, naku," dugtong niya, "Lahat ay nakakaalam na sila ang pinakamasama."

Hindi pa ako nakikipagbalitaan sa mga kakilalang ito ilang taon na ang nakakalipas. Inilarawan ko sa aking isipan kung gaano siya naguluhan sa kinalabasan ng botohan ng mga Israelitas. Ipinagtataka ko kung mayroon siyang palatandaan tungkol sa gawain na siya at ang kanilang mga kasamang Ashkenoisie ay may bahagi sa pagbubunyag nito.

Matapos ang botohan, isang malaking bilang ng tagapanood na Afro-Asian Jews ang masiglang sumagot kay Netanyahu. Sobrang galit ang mga nakikinig sa kaniya kasama si Perez, na si Netanyahu ay pamamahalaanan sila, upang ang kanilang kawalang-galang ay mawala.

Ang hinanakit kay Perez ay nagmungkahi ng hinanakit sa klase sapagkat sila ay inaakalang kumakatawan sa mga sekular, cosmopolitan, mapayapang mamamayan sa mundo na nangangahulugan na magtatanggol ng proseso ng kapayapaan sa Israel.

Sa mga nangunang tagapag-isip ng mga Ionist ay hindi man lang umasa na ang mga Europeong Hudyo ay magkukulang ng bilang laban sa mga Aprikano at Asyano, ni hindi sila gumawa na tila pang-unawa, na isla ay magsimulang magkulang ng bilang laban sa mga Afro-Asians, na ang edukasyon, klase at paksa tungkol sa relihiyon ay maaaring mag-udyok ng relasyong magkalaban na ang salitang maganda lamang sa pandinig at mga kamalian ay mabawasan.

Ang Ashkenazim ay napakalaki ng sinasagisag ng mga nakapag-aral na Israelitas. Mayroon… ako'y nakatitiyak, walang sadyang patakaran ng pagtatanggal, ngunit tulad ng karamihang paaralan sa Israel, ang edukasyon ay napangingibabawan ng mga matataas at panggitnang uri ng Ashkenazim. May lalabas na paboritismo sa paghahanap ng mabuting paaralan at pagtatanggap ng mga tao sa pamantasan at programang propesyonal. Ito'y hindi pagsasabi na ang tagumpay ay hindi lubos na mahalaga sa pagpapasiyang ito, ngunit sinong maayos ng mga trabaho, pook, paaralang institusyon ang nagbibigay ng pondo sa iba't ibang kahanga-hangang tagumpay? Higit sa lahat ang mga Ashkenazim.

Ang Afro-Asian (a.k.a. Sephardic, Oriental, Eastern, at Mizrachi) Jews ay sa pinakabahagi, kaakit-akit na bourgeoisie at manggagawa, uri ng tao na nagbibigay ng pangangailangan ng kanilang grupo at nagsisilbi rin upang ang buhay ay maging komportable para sa mga nakatataas at nasa gitnang klase ng mamamayan. Na may kaunti at mahalagang pagtutol, partikular na sa pagtatayo ng mga industriya, Ashkenazic ang pinaka-bourgeoisie at ang tagapaglingkod. Tulad sa lipunan, ang ikinagagalit ng mga tagapaglingkod tungo sa pinagsisilbihan ay pinapasikatan ang mga nahuhuli at sila'y nawawalan o nasisiraan ng loob. Ito'y tulad ng masasabing, kung akoy komportable, bakit ang mga taong nagsisilbi sa akin ay hindi bagay hangaan at pasalamatan? Ang pinaglilingkuran sa U.S. – Jewish at walang ibang kilos.

Sa Israel, ang pinaglilingkuran ay mahilig ding maging mataas na konsumer. Ito'y napapalagay na ang mataas na konsumer ay gulat sapagkat sila'y kadalasang nasasakop at maaaring kahit galitin, ng mga katamtaman at mababang konsumer. Bilang pagbaling ng mga Israelitas sa mga estilo ng U.S. at ang sukatan ng paggawa (ang orihinal na bilihan sa Israel, naitayo ilan taon pa lang ang nakakalipas, tila dumanas ng cell division countless time, bagay na tunay na tumatakip sa kaayusan ng Israel), ang mataas na konsumer ay ipinagmamalaki ang kanilang kayamanan sa mga katamtaman at mababang antas ng uri ng sistema na ang agwat ng mayaman at mahirap ay mabilis na gumagawa sa U.S.

Ang mga pinaglilingkuran ay mahilig ding maging sekular at magpasakit sa harap ng mga relihiyosong mga tagasubaybay. Kahit na karamihan sa mga Afro-Asian Jews ay hindi gaanong relihiyoso, ang inuuna nilang kultura ay hindi sila binibigyang konsepto, gawing mag-isa ang pagsasanay ng serkularismo. Ang Hudismo ay hindi relihiyon sa kanila, ni ngayon, bagkus, ito'y bahagi ng kanilang buong buhay.

Noong si Paula Ben-Gurion, asawa ng Unang Kataas-taasang Ministro ng Israel – silang kapwa mabagsik na sekular – ay tinanong kung ano ang pakiramdam ng bumili ng kosher meat, ito'y hindi nakagugulo sa kaniya. Simple niyang gawin sa sandaling umuwi siya. Sa magandang sagot, ngunit nakagugulo sa mga Jews mula Aprika at Asya na iniisip lamang ito bilang kalapastanganan. Alinsunod sa pagsusuot ng yarmulke sa Wailing Wall, si Netanyahu tulad ni Begin,

bago siya nagawa niyang magdala ng pagkakaiisa kasama ng mga may pagkarelihiyosong mga tagapaglingkod.

Posibleng ang malaking pakinabang ng mga botanteng Jews ay nakapagbigay kay Netanyahu (55% ng botanteng Israeli Jews-ed.) ay hindi malaking pagtanggi sa proseso ng kapayapaan o pababain ito. Sa halip ang may kalakihang seksyon ng populasyon ng mga Israeli Jewish ay pinapantayan ang mga tumatangkilik sa kanila, ini-isteryotap sila at umaasa sa kanila upang matanggap ang kanilang gagampanan bilang tagapaglingkod sa mga may tanging karapatan.

Ang galit sa uri ay madalas na nagpapagalaw sa politika sa mga bansang "class ridden". Ang pagsubok sa mga tao na naghahangad na makita ang kalayaan at ang tunay na demokrasya sa Israel, sa U.S., Russia at saan man ay ang kung paano dalhin ang mapayapang mga uri para intindihin ang mga galit sa kanila at ang kanilang aktibong bahagi sa paninindigan nito. At saka, ang pinakamalaking pagsubok sa lahat, ay kung kondesasyon, at dominasyon sa sosyal na pagbubuo mula ng pangalan at interes ng bawat isa. Inaasam ko ang mga araw ng mga guro/aktibista ay magsasabing. "Mataas at katamtamang uri ng tao, maipagmataas at mapag-uri, iyan ang pinakamasama".

GAWAIN 3. Paglinang ng Talasalitaan

Hanapin mo ang kahulugan ng mga salita sa akdang binasa. Isulat mo sa kahon ang sagot.

1.	Israeli Ashkenazic	
2.	Sekular	
3.	Bourgeoisie	
4.	Konsumer	
5.	Isteryotayp	

GAWAIN 4. Opinyon o Katotohanan

Sa binasa mong akda, mainam kung matukoy natin kung ano ang mga pahayag na batay lamang sa opinyon at mga pahayag na nagtataglay ng katotohanan. Isulat sa kahon ang mga pahayag na inaakala mong makatotohanan o isang opinyon lamang.

KATOTOHANAN	OPINYON

Sagutin ang mga pamprosesong tanong:

1. Paano mo natukoy na ang isang pahayag ay makatotohanan?
   _____
   _____

2. Ano-ano ang iyong palatandaan na ang isang pahayag ay batay sa opinyon lamang?
   _____
   _____

3. Anong kaisipan ang nabuo sa iyo nang malaman mo na ang isang sanaysay ay nagtataglay ng mga makatotohanan pahayag at mga pahayag na batay sa opinyon lamang?
   _____
   _____
   _____

GAWAIN 5. Mapa ng Konsepto

Tukuyin mo ang iba't ibang isyung ipinakita sa nabasang sanaysay. Ilahad mo ang iyong damdamin tungkol sa isyung ito. Paano mo ito iuugnay sa kasalukuyang panahon.

Isyu:

Ang aking damdamin sa isyung ito ay…

Maiuugnay ko ang isyung ito sa…

Isyu:

Ang aking damdamin sa isyung ito ay…

Maiuugnay ko ang isyung ito sa…

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

4. Masasabi mo bang magkatulad ang ipinahayag na isyu sa Israel sa mga isyu natin sa bansa?

   _____
   _____
   _____
   _____

5. Naging mabisa ba ang sanaysay sa paglalahad ng mga isyung panlipunan sa bansang Israel?

   _____
   _____
   _____
   _____

6. Masasabi mo bang may malaking gampanin ang mga akdang pampanitikan sa pagtalakay ng mga isyung panlipunan? Pangatwiranan.

   _____
   _____
   _____
   _____

7. Kung ikaw ang tatanungin, makatutulong ba ang panitikan upang maipahatid ang kultura, tradisyon at paniniwala ng mga tao sa isang bansa? Patunayan.

   _____
   _____
   _____
   _____

Ngayong naisagawa mo na ang mga gawain na nagpapakita ng kahalagahan ng panitikan sa paglalarawan ng isang kultura at ang pagpapahalaga nito sa iba't ibang isyung panlipunan, alamin naman natin ang mga kaalamang nais ipahiwatig ng pag-aaral na natutungkol sa sanaysay at ang pagtukoy sa mga pangunahin at pantulong na kaisipan sa isang talata.

GAWAIN 6. Buuin Mo…

Buuin mo ang pahayag upang mabuo ang kaisipang iyong natutunan sa pagtalakay sa akdang nabasa.

Bagama't magkaiba ang kultura, tradisyon at paniniwala ng isang bansa sa atin ay

TANDAAN MO!

ELEMENTO NG SANAYSAY

1. Makabuluhang Paksa – ito ang pinakasentro ng pinag-uusapan sa isang sanaysay. Ang paksa ang nagbibigay linaw, direksyon at limitasyon sa pinag-uusapan. Kinukulong nito at sinasaklawan ang sakop na maaaring pag-usapan sa isang sanaysay. **Maaaring ang paksa ay panrelihiyon, pangkaugalian, pangkabuhayan, pang-edukasyon at iba pa**

2. Himig o Tono – ito ang paraan ng pananalitang ginamit ng may-akda upang kausapin ang kanyang mga mambabasa. Sa pamamagitan nito madaling natutukoy kung sino ang target ng sanaysay. Ang tono ay nagpapakita ng iba't ibang damdamin tulad ng pagkabigo, pagiging masaya, sarkastiko at iba pa. Ito rin ay maaaring magpahiwatig ng estado o antas ng pamumuhay sa lipunan, gampanin o propesyon at iba pa. **Ito ay ang paggamit ng mga angkop at piling-piling mga salita batay sa paksa at layunin ng manunulat**

3. Kaisipan – ito ay ipinahahayag sa pamamagitan ng pahiwatig at hindi tuwiran. **Ito ay mula sa hinimay-himay na punto o argumento ng isang sanaysay na batay sa iisang paksa.**

Ang isang sanaysay ay binubuo ng mga talata. Ang bawat talata ay nagtatagay ng kaisipang nais ipabatid ng may-akda upang mapagtibay ang isang paksa. Marapat lamang na talakayin natin ang pamaksa at pantulong na pangungusap upang matukoy natin ang pangkalahatang kaisipan ng isang talata. Masisiguro din nito na hindi lumalayo ang may-akda sa paksang napili.

PAMAKSA AT PANTULONG NA PANGUNGUSAP

1. Pamaksang Pangungusap

Lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan. Ito ang pinakasentrong pinag-uusapan sa talata. Ito ay inilalahad ng tuwiran at nagbibigay linaw kung saan natutungkol ang akda/talata.

Halimbawa:
Isang mabigat na isyu ang pang-aabuso sa mga bata at kabataan. Maaaring ang pang-aabuso ay pisikal o emosyunal. Kabilang sa pang-aabuso ang sapilitang pagtatrabaho, pornografi at pagsasamantalang sekswal. Iniulat sa The Council of Elders for Protection of Children na ang prostitusyon, pagiging delingkwente, pagtatangkang magpakamatay, depresyon, mababang pagtingin sa sarili at pagkatakot sa isyung may kaugnayan sa sex ay mga indikasyon at epekto ng pang-aabuso sa mga kabataan.

Ang pangungusap na may salungguhit ay angpamaksang pangungusap. Ang sumunod na mga pangungusap ay maga pantulong na pangungusap na nagbibigay tulong o suporta sa pamaksang pangungusap upang mas maging malinaw ang tinatalakay na paksa.

2. Pantulong na Pangungusap

Ito ang mga pangungusap na nagbibigay paliwanag o detalye sa pamaksang pangungusap. Sinusuportahan nito ang pamaksang pangungusap sa pamamagitan ng mga detalyeng kaugnay nito.

Halimbawa:

PAGKASIRA NG ATING KAGUBATAN, SINO ANG MAYSALA?

Ang mga kagubatan ay may mahalagang papel na ginagampanan sa ekonomiya at ekolohiya ng Pilipinas.

Ito ang pinagkukunan ng kahoy – mga produktong may gamit na pandomestiko at pangkalakalan, at maging kahoy na panggatong sa tahanang Pilipino. Matatagpuan sa kagubatan ang masasaganang halamanan at malulusog na mga hayop. Nagbibigay ito ng masustansyang pagkain, medisina at kagamitang pang-industriyal at pang-agham. Nakatutulong ito sa pagpapataba ng lupa. Gumaganap ito bilang buffer zone sa klima. Nagbibigay ito ng init at lamig.

Sa kabilang dako, kung patuloy ang pagkasira ng kagubatan at hindi pagbabalanse ng ekolohiya, nagkakaroon ng flash floods, pagguho ng lupa at malawak na pagkasira ng mga pananim. Ito ay magiging hadlang din sa mga patubig kung kaya't mas tumatagal ang tag-init. Ang mas nakatatakot na tagtuyot ang nagiging kapalit.

Sa nararanasan nating krisis sa bansa sa kasalukuyan, ganito pa nga ba ang dapat na nangyayari? Ano ang maaari nating gawin upang makatulong sa pamahalaan upang matigil ang ganitong suliranin? Hindi ba't higit na madaling malutas ang suliranin kung sama-sama tayong kikilos. Isang malaking hamon sa mga kabataang Pilipino ang isyung ito.

Sanggunian: Cion, Ligaya. Dagitab I, JMC Press, Inc.

Ang mga pantulong na pangungusap ay maaaring mailahad sa pamamagitan ng paglalahad ng istadistika a makatotohanang impormasyon.

GAWAIN 7. Magsanay Tayo!

Tukuyin ang paksa ng bawat talata sa pamamagitan ng mga pantulong pangungusap. Piliin sa kahon ang inyong tamang sagot. Pangatwiranan mo ang sagot.

Palala nang palala ang suliranin tungkol sa karahasan sa mga kabataan. Nararapat lamang na tayo ay makisangkot sa isyung ito. Makatutulong ang inyong suporta sa pagpapadala naming sa mga paaralan ng mga materyales nang libre. Mabubuksan ang isipan ng mga kabataan sa kanilang karapatan. Gayundin, matutukoy nila ang kanilang papel bilang kabataan sa lipunan. Malayo ang mararating ng inyong donasyon sa aming institusyon. Nagpapasalamat an gaming organisasyon sa patuloy ninyong pagsuporta.

Pagtulong sa Kabataan	Pagtulong sa Biktima ng Karahasan
Pagkamulat ng Isipan	Kabataan ng Bayan

Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.

Mahalagang paunlarin ang iyong sarili. Luma na ang kaisipang kung hindi ka matalino sa lInggwistika, matematika o sa agham ay bobo ka! Lumang kapaniwalaan. Maraming uri ng katalinuhan bukod sa nabanggit na. Mayroong matatalino sa musika, sayaw, pag-arte, pagguhit, pakikinig, pagsulat, pagsasalita at maging sa larangan ng isports. Sino nga ba ang walang ganitong kakayahan? Maaaring dalawa o higit pa ang mayroon ka! Ang gagawin mo lang ay tuklasin at linangin ang mga ito.

Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.

Pinaniniwalaan ng isang bishop noong 1870 na wala nang maaari pang maimbento ang tao. Sinabi niya ito sa isang president ng isang maliit na kolehiyo. Hindi sumang-ayon sa kanya ang president at sinabing marami pang dapat tuklasin ang tao. Wika niya, darating ang panahong ang tao ay makalilipad tulad ng ibon. Hindi naniwala ang bishop at sinabing iyon ay paglapastangan sa Diyos. Ayon sa kanya, ang paglipad ay para lamang sa mga anghel! Pagkaraan ng 33 taon, pinalipad ng magkapatid na Orville at Wilbur ang kauna-unahang sasakyang higit na mabigat kaysa hangin. Ito ang pinagmulan ng eroplano. Sino ang bishop? Si Milton Wright, ang ama ng

Isulat ang iyong kasagutan sa kahong ito.

Sagutin mo ang mga pamprosesong tanong.

Iba't ibang Uri ng Katalinuhan	Tuklasin ang Iyong Katalinuhan
Kahalagahan ng Katalinuhan	Katalinuhang Taglay

Magkaibang Kaisipan	Hindi Imposible
Pag-unald: Bagong Imbensyon	Patuloy na Pagtuklas: Talino ng Bawat Tao

1. Naging madali ba sa iyo na tukuyin ang paksa ng mga talata? Ipaliwanag mo nga.

   _____
   _____
   _____

2. Ano ang mga isinaalang-alang mo upang madaling matukoy ang paksa?
_____
_____

3. Masasabi mo bang may malaki ang nagagawa ng pagtukoy sa pamaksang pangungusap at pantulong na pangungusap upang maging malinaw ang sanaysay na tinatalakay? Pangatwiranan mo nga ang iyong sagot.
_____
_____
_____
_____

GAWAIN 8. Dugtungan Mo!

Lagyan ng mga pantulong na detalye ang bawat pangungusap. Gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa paglalahad ng mga pantulong na pangungusap.

1. Ang korapsyon ang nagpapahirap sa isang bansa.
_____
_____
_____

2. Pananampalataya sa Diyos ang makapagliligtas sa tao.
_____
_____
_____

3. Isa sa nagpapalala ng sitwasyon sa kalagayan ng mga kabataan sa kasalukuyan ay ang kanilang paghahanap ng tunay nilang identidad.
_____
_____
_____

4. Ang pamilya pa rin ang pangunahing sandigan ng pamayanan.
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglinang:
Ngayong natukoy mo na ang kahalagahan ng element ng isang sanaysay gayundin ang pagtukoy sa mga pamaksang pangungusap at pantulong na pangungusap, masasabing ikaw ay may malalim ng pang-unawa sa araling tinatalakay. Mas lalo nating pagyamanin ang iyong kaalaman sa bahaging ito ng aralin sa pamamagitan ng mga sumusunod na aralin. Sa bahaging ito matutukoy at maipaliliwanag mo ang mga mahahalagang konsepto ng isang sanaysay.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang kaalamang ito, maaari ka nang tumungo sa susunod na bahagi ng ating modyul. Palalimin natin ang iyong kaalaman sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGPAPALALIM

Bilang pagpapatuloy sa araling ito, nakabubuti munang balikan mo ang *Konsepto ng Pagbabago* na iyong nasimulan sa ilalim ng **PAGTUKLAS**. Alin sa mga naging sagot mo ang nangangailangan ng pagbabago? Ilahad mo rin ang mga dahilan kung bakit kinailangan mong palitan ang iyong mga naging sagot. Sagutin mo ang kolum **pagkatapos ng talakayan**.

Basahin ang mga pangungusap sa gitnang bahagi ng kolum sa ibaba. Lagyan ng markang tsek (√) ang kaliwang kolum kung ikaw ay sumasang-ayon. Huwag mo nang sagutan ang ikatlong kolum.

ANTICIPATION-REACTION GUIDE

BAGO ANG TALAKAYAN	PAHAYAG	PAGKATAPOS NG TALAKAYAN
	1. Ang sanaysay ay isang akdang pampanitikan batay sa opinyon sa isang isyu.	
	2. Ang tema ng isang sanaysay ay nagakakaiba-iba dahil sa pinagmulang bansa nito.	
	3. Ang lahat ng talata ay may pangunahing ideya o kaisipan.	
	4. Iisa lamang ang pamaksang pangungusap sa isang sanaysay.	

GAWAIN 9. SONA ng Pangulo, Balangkasin Mo!

Panoorin mo ang kahuli-hulihang SONA *(State of the Nation Address)* ng pangulo. Tukuyin mo ang mga pamaksang kaisipan at ang mga pantulong na detalye. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon.

Larawan ni PNoy	*Ang SONA ng pangulo ay ang kanyang taunang pag-uulat ng kanyang mga nagawa bilang pinakamataas na pinuno ng bansa sa loob ng isang taon niyang panununungkulan. Sa kanyang talumpati ay masasaksihan ng buong bansa kung may pag-unlad bas a ilalim ng kanyang termino.* *Link ng SONA ng Pangulo:* *www.youtube/SonaniPNoy2014.com*

SONA ng Pangulo

Paksa:

Pantulong na Detalye:

Paksa:

Pantulong na Detalye:

Paksa:

Pantulong na Detalye:

GAWAIN 10. Isulat Mo!

Buuin ang pahayag upang magkaroon ng isang buong konsepto.

Mahalagang matukoy ang mga pamaksa at pantulong na pangungusap dahil

_____
_____
_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim:

Sa bahaging ito naiugnay natin an gating natalakay na aralin sa mga kaganapang pangkasalukuyan. Ngayon, masasagot mo na ba ang katanungan tungkol sa kung gaano kahalaga ang ating mga natalakay na aralin sa pang-araw-araw nating pamumuhay?

Ngayon at may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang isang proyektong may kinalaman sa pagalalahad ng impormasyon gamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng damdamin bilang paghahanda sa isang masining na pagtatanghal.

PAGLILIPAT

Lubhang napakahusay mo sapagkat napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawain may kaugnayan sa ating aralin.

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin ng modyul na talaga namang inilaan upang higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Mga natutuhang magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamagitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto tungkol sa isang masining na pagtatanghal

GAWAIN 11. Mini-Task 3: Malikhaing Pagtatanghal

Bilang pangwakas na gawain, isasakatuparan mo ang inaasahang pagganap na susukat sa iyong kasanayan na natutunan sa kwarter na ito. Magsagawa ka ng isang malikhaing pagtatanghal.

Malikhaing Pagtatanghal

Maglulunsad ang *National Commision for Culture and the Arts* ng isang timpalak na kikilala sa galing ng mga kabataang Pilipino sa isang masining na pagtatanghal. Kaugnay nito, ikaw ay kasama sa pangkat na magpapakita ng galing at husay sa pagtatanghal na haharap sa mga batikang huradong may kinalaman sa play production.

Ang mga pagtatanghal na maisasagawa ay kinakailangang hango sa iba't ibang akdang pampanitikang Asyano na nagpapakita ng masining na kultura nito. Ang tema ng pagtatanghal ay *Kulturang Asyano: Kilalanin Mo.* Kailangang maipakita sa pagtatanghal ang kaugnayan ng orihinal na teksto sa mahahalagang kultura at tema ng mga panitikan sa Kalurang Asya. Ang pagtatanghal ay huhusgahan batay sa pagganap, nilalaman, bisa at kawastuan

RUBRIC SA MALIKHAING PAGTATANGHAL

	Katangi-tangi 4	**Mahusay 3**	**Nalilinang 2**	**May Kahinaan 1**
Paraan ng Pagtatanghal/ Pagkamalikhain	*Malikhain at natatangi ang paraan ng pagtatanghal*	*Mahusay na naipakilala ang mga elemento ng pagtatanghal na napili. Malikhain ang isinagawang pagtatanghal.*	*Nakalilito ang paraan ng pagtatanghal na napili. Hindi masyadong nagging malikhain sa paraan ng pagtatanghal.*	*Hindi naging malinaw ang paraan ang paraang ginamit sa pagtatanghal*
Kaangkupan ng Kilos o Galaw	*Kakaiba ang ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*	*Angkop na ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay at pagkilos bilang pagbibigay diin sa mahahalagang pangyayari.*	*May kakulangan sa ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*	*Walang ekspresyon ng mukha, kumpas at pagbibigay halaga sa mga pangyayari.*

Kaangkupan ng mga Kagamitan	*Napakasining ng mga ginamit na kasuotan at props na nakatulong sa pagpapatibay ng pagtatanghal na napili*	*Angkop ang kasuotang, props na makapagpapatibay sa malikhaing pagtatanghal na napili.*	*Hindi angkop ang ginamit na kasuotan at props upang makatulong sa pagpapatibay pagtatanghal na napili.*	*Walang ginamit na kasuotan at props upang makatulong sa pagpapatibay ng pagtatanghal na napili.*
Reaksyon ng mga Tagapakinihg	*Malakas ang dating ng pagganap sa mga manonood. Kapansin-pansin ang paghanga nila sa paraang ng pagtatanghal*	*Sapat lang ang dating ng pagganap sa mga manonood.*	*Mahina ang atensyon ng mga manonood sa pagtatanghal*	*Hindi nakinig at napahanga sa paraan ng pagtatanghal*

POST-ASSESSMENT

Halina't alamin natin ang iyong mga kaalaman sa mga tatalakaying aralin sa modyul na ito. Iklik lamang letra ng inaakalang tamang sagot. Sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos kumuha ng pagsusulit, makikita mo ang iyong iskor. Alalahanin ang mga aytem kung saan ka nagkamali at tuklasin ang tamang sagot habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

1. Ang kuwento ni Sinbad ay kasama sa kalipunang ng mga kuwento sa _____.
   A. Mahabharatta
   B. Isang Libo't Isang Gabi
   C. Divina Comedia
   D. El Cid De Compeador

2. Ang akdang *Rama at Sita ng India* ay isang _____.
   A. Tula
   B. Elehiya
   C. Maikling Kuwento
   D. Epiko

3. *Uri ng tunggaliang ang kapaligiran ang siyang may pinakamalakas na puwersa laban sa katangian ng tauhan.*
   C. Tao laban sa Tao
   D. Tao Laban sa Sarili
   C. Tao laban sa Kalikasan
   D. Tao laban sa Pangyayari

4. Sangkap ng maikling kuwentong tumutuon sa panahong iniikutan ng mga pangyayari sa akda
   A. Tauhan B. Tagpuan C. Banghay D. Tema

5. ***Kibit-balikat*** *niyang tinanggap ang pangaral ng kanyang mga magulang sa kanya.*
   Ang salitang nakabold ay nangangahulugang _____.
   A. handa na siyang lumaban
   B. natuto na siyang magsalita
   C. hindi pakikinig
   D. pagwawalambahala

6. Isang uri ng tulang pasalaysay na naglalarawan ng kabayanihan at katapangan ng pangunahing tauhan. Inilalarawan dito ang kanyang pakikipagsapalarang pinagdaanan at binibigyang diin ang katangiang supernatural ng tauhan.

   A. Elehiya B. Epiko C. Awit D. Tanaga

7. Isang uri ito ng tunggaliang *tao laban sa sarili.*
   A. Sa tuwing magpapasya siyang aalis at maghahanapbuhay sa ibang bansa, di niya maiwasang alalahanin ang mararamdaman ng kanyang kaisa-isang anak.
   B. Nais niyang maging isang kilalang musikero sa hinaharap ngunit palaging nakahadlang ang kanyang mga magulang.
   C. Punong-puno ng kaba ang kanyang dibdib, hindi niya malaman kung paano sasabihin ang kanyang pagmamahal sa pinakamatalik niyang

kaibigan. Iniiwasan na niyang magbisyo subalit patuloy siyang hinihikayat ng kanyang barkadang balikan ito.

8. Pagsunod-sunorin:

5. kaya't mahirap man sila'y dapat ding intindihin 6. dahil ito ay bahagi na ng ating buhay 7. tradisyong kinagisna'y mahirap kalimutan 8. pinagkaitan ng kalinga sa kawalan ng yaman

A. 2134 B. 4123 C. 4231 D. 4321

9. Magiting na nilabananan ni Rama ang mapinsalang higanteng lumukob sa kanila. Si Rama ay _____.

A. Maaasahan B. Matapang C. Marangal D. Maginoo

Ikilik ang kahong katapat na maaaring maging bunga ng sanhing nakasulat.

10. Nag-alok ng tulong si Bantong, isang batang-batang mandirigma sa kaibigang si Handiong upang upang kalabanin ang halimaw na namiminsala sa kaharian ng Ibalon.
    A. Hindi papaya si Handiong sa tulong ni Bantog dahil baka maaagaw nito ang kanyang posisyon bilang hari.
    B. Ipakikita ni handiong na kaya niyang kalabaning mag-isa ang halimaw.
    C. Madaragdagan ang magiting na pinuno ng Ibalon.
    D. Magiging payapa at maayos ang pamumuhay ng lahat.

11. *Hinubad ng ermitanyo ang kanyang damit at umupong walang saplot sa tabi ng lamesang kinaroroonan ng prinsipe. Nagkunwaring tinutuka ang pagkain sa sahig at kumikilos na parang isa ring manok.* Ginawa ito ng ermitanyo upang
    A. ipakita ang kanyang husay sa panggagaya ng mga hayop sa bukid.
    B. makuha ang atensyon ng mahal na hari at gawin siyang kanang-kamay nito.
    C. upang maging kaisa ng prinsipe sa kanyang suliraning kinahaharap.
    D. di mahalata ng mga kaaway na siya ay mahusay sa larangan ng mahika.

12. *Nagwika ang ermitanyo, ang sinumang makalimot sa kanyang sarili ay muling makaaalala. Sa halip na husgahan ay dapat pang samahan sapagkat ito ang itinuturo ng batas ng kabutihan.* Ang pahayag na ito ay isang talinhaga mula sa parabulang

A. Ang Pabo at ang Prinsipe C. Ibalon
B. Indarapatra at Sulayman D. Biag ni Lam-ang

13. *Sa gubat tumira sina Rama, Sita at Lakshamanan nang ipatapon sila mula sa kaharian ng Ayodha.* Ang pahayag ay nagbibigay-diin sa
A. tauhan B. paksa C. tagpuan D. banghay

14. *Hiningi ni Rama ang tulong ng hari ng mga unggoy para salakayin ang Lanka. Sa labanang naganap, maraming kawal na unggoy ang napatay ngunit mas maraming higante ang bumagsak na pugot ang ulo. Hinanap ni Rama si Ravana at silang dalawa ang naglaban.* Humingi ng tulong si Rama sa hari ng mga unggoy dahil
A. sinalakay ng mga agila ang kanilan bayan.
B. dinakip ni Ravana ang kanyang asawang si Sita.
C. hindi niya maabot ang pinakamatataas na bahagi ng mga puno upang labanan si Ravana.
D. takot ang mga higanti sa maliliit na unggoy.

15. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng isang opinyon.
A. Dahil sa ating bansa ay nasa tropiko, tayo ay madalas dalawin ng ulan at mga bagyo.
B. Ayon sa pag-aaral na isinagawa ng mga mag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas, tatlo lamang sa limang mag-aaral ang nakatatapos ng hayskul.
C. Batay sa kasaysayan ang women empowerment ay naganap din sa panahon mga Kastila, ito ay nang ipaglaban ng mga kababaihan sa Malolos ang kanilang karapatan sa pag-aaral.
D. Malaya ang isang bansa kung ang mga mamamayan nito ay nakapaglalahad ng kanyang saloobin sa paraan na nais niya itong sabihin.

Palala nang palala ang suliranin tungkol sa karahasan sa mga kabataan. Nararapat lamang na tayo ay makisangkot sa isyung ito. Makatutulong ang inyong suporta sa pagpapadala naming sa mga paaralan ng mga materyales nang libre. Mabubuksan ang isipan ng mga kabataan sa kanilang karapatan. Gayundin, matutukoy nila ang kanilang papel bilang kabataan sa lipunan. Malayo ang mararating ng inyong donasyon sa aming institusyon. Nagpapasalamat ang aming organisasyon sa patuloy ninyong pagsuporta.

16. Ang pangunahing kaisipang inilalahad ng talata ay _____.
A. Pagtulong sa Kabataan
B. Pagtulong sa Biktima ng Karahasan
C. Pagkamulat ng Isipan
D. Kabataan ng Bayan

17. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi nagsasaad ng isang opinyon?
A. Ayon sa *Santo Papa*, sa kanyang kauna-unahang *international media conference,* igalang at tanggapin sa lipunan ang mga nasa ikatlong kasarian.

B. Maraming Pilipino ang gumanda ang buhay dahil sa mahusay na pamumuno ng kasalukuyang administrasyon.
C. Ang pag-ibig ang siyang pinakamakapangyarihang damdamin na nararanasan ng isang tao.
D. Maipagmamalaki ng mga Pillipino ang katangi-tanging ganda ng kultura at tradisyong makikita sa iba't ibang lalawigan sa bansa.

18. PAGSUNOD-SUNORIN:

AKO AY BAYANI

1. Hindi ako bayani, hindi ako katulad nina Bonifacio at Rizal, hindi rin ako sundalo ngunit paano ako magiging isang bayani sa kasalukuyang panahon?
2. Sina Andres Bonifacio, Jose Rizal at maging mga sundalong sumumpang ipaglalaban at ipagtatanggol ang bayan mula sa mga mapagsamantalang tao sa lipunan.
3. Ayon sa isinagawang survey ng SWS, mararanasan ang pagiging bayani sa mga mumunting gawaing makapapapawi sa lungkot, hirap at pagdurusa ng ating kapwa.
4. Maramin ng Pilipino ang nagbuwis ng buhay para sa kalayaan ng bayan.
5. Kaya't ako ay sumusumpa, ako ay magiging bayani sa pamamagitan ng maliliit na gawang makatutulong sa aking kapwa.

A. 42135
B. 23145
C. 54321
D. 12345

Kung ibig mong mamasyal, maaari mong bisitahin ang Isarog National park. Ito ay matatagpuan sa Naga City. Malawak ang pasyalan. May kabuuang sukat itoong 10,000 ektarya. Napakaraming likas na yamang matatagpuan dito. Tinatayang may 150 uri ng ibon dito, 33 uri ng mammals at 1,163 uri ng halaman. May pirmihang patubigan din itong nagsusuplay sa mga pangangailangang domestiko, agrikultural, at komersyal. Kailangang-kailangang alagaan at pagyamanin ang parkent ito. Bihira na ang ganito sa Pilipinas.

19. Ang pangunahing kaisipang inilalahad ng talata ay _____.
A. Alagaan ang Kalikasan*
B. Pahalagahan ang Kakaibang Pasyalan
C. Likas na Yaman, Isang Pasyalan
D. Malawak na Pasyalan, Ating Alagaan

20. PAGSUNOD-SUNORIN:

PAGHARAP SA PAGSUBOK

1. Lahat ng tao ay may sariling dinadala sa buhay
2. Panalangin at pagmamahal ng pamilya ang sagot sa lahat ng suliraning dinadala.
3. Suliraning magaan at suliraning mabigat ay pilit na tinatakbuhan ng mga tao.
4. Kailanma'y hindi natin kayang takasan ang mga suliraning ating kakaharapin.
5. Hindi ito mabibigyang solusyon kung hindi tayo kikilos at patuloy itong tatakasan.

A. 42135
B. 23145
C. 41352
D. 12345

SANGGUNIAN:

Aguinaldo, Sandra., Mga Kabataan ng Maynila. www.gmanetwork/24oras.com

Ligaya, Cion. Pagkasira ng Ating Kagubatan, Sino ang Maysala?, Dagitab I, JMC Press, Inc. 2012

Sanchez, Louie Jon A., Muling Pagsasalaysay ng Isang Maikling Kuwentong Aleman na Ang mga Panghahangad ni Siddartha ni Herman Hesse. 2014

Sonajo Benjamin, Jr. B., salin ng Ang Pabo na Prinsipe mula sa Parabula ng Turkey . 2014

Villafuerte Patrocinio Villasan, Elehiya sa Kamatayan ni Kuya: Isang Salin.2013

Villafuerte Patrocinio Villasan, Isang sanaysay na salin mula sa bansang Israel – Usok at Salamain: Ang Tagapaglingkod at ang Pinaglilingkuran nu Gordon Fillman. 2014

Villanueva, Rene O., Isang Kabanata sa Epiko ng India na Rama at Sita. 2013

Mga artikulo Hango sa Tanglaw sa Wika at Panitikan IV.2014

Mga artikulo sa wika at panitikan mula sa Pluma I. Phoenix Publishing House Inc. 2011